# KILUSAN

Taon 10 Bilang 2 Opisyal na Pahayagan ng Kilusan para sa Pambansang Demokrasya Abril 15, 2016





## Barikada Laban Sa Pamiminsala ng mga Minahan sa Zambales

## *Ibalik sa Mamamayang Pilipino ang Angat Dam!*

# EDCA: Pandigmang 'Kooperasyon' sa Anino ng Labanan ng Higanteng US at China

## Tanggalan ng mga Manggagawa sa Middle East

## Libya, Ginegera Muli

# Manipulasyon ng CIA sa Eleksyong 1953

*Pebrero 28, 1953:* Nagbitiw si Ramon Magsaysay bilang Defense Secretary ni Pres. Elpidio Quirino; unang hakbang sa kanyang kandidatura para maging ika-pitong pangulo ng Pilipinas, sa tulong ng US Central Intelligence Agency.

Si Edward Lansdale, operatiba ng CIA sa Manila ang nagpatakbo ng kampanya. Siya rin ang pangunahing nangalap ng pondo na kalakhan ay mula sa mga korporasyong Amerkano.

Naluklok sa panguluhan si Magsaysay sa panahong may krisis sa ekonomya ang Pilipinas. Malala ang lugi nito sa kalakalan dahil sa pagpapatupad ng Bell Trade Act. Said na ang reserbang dolyar. Galit ang mamamayan sa kurapsyon, kasabay ng paratang na nandaya si Quirino sa halalang 1949.

Pinalalim ng mga kundisyong ito ang kawalang tiwala ng mamamayan sa demokratikong proseso. Nagbabanta na ng pag-agaw sa kapangyarihang estado ang mga Huk. Sa ibayong dagat, katatapos ng rebolusyong Tsino (1949), naglalagablab ang digmaan sa Korea at naminminto ang pagwawagi ng mga rebolusyonaryo sa North Vietnam (1954).

Nangangamba ang US na humulagpos sa kanyang kamay ang neokolonyang Pilipinas. Kailangan nito ng katanggap-tanggap na lider para pigilan ang paghihimagsik ng mamamayan. Kailangan din ng US ng makakatuwang na personahe sa pagpapatatag ng kanyang impluwensya sa Asya–Pasipiko, para hadlangan ang paglaganap ng mga rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Lider-gerilyang USAFFE nuong WW2 si Magsaysay at malapit siya sa mga Amerkano. Kongresista siya ng Zambales nang hirangin ni Quirino na kalihim sa Tanggulang Bansa, Agosto 31, 1950. Ito ay para pagbigyan ang hiling nina US Ambassador Cowen at Joint US Military Advisory Group (JUSMAG) Chief Maj. Gen. Leland S. Hobbs para mailagay si Magsaysay sa pwesto.

Bilang kalihim, nagpatupad si Magsaysay ng di-kumbensyunal na paraan ng pagharap sa kilusang pinamumunuan ng Partido Kumunista ng Pilipinas (PKP) at Hukbong Mapaglaya ng Bayan (HMB). Nagbuo siya ng maliliit na yunit na nagsanay sa taktikang gerilya at operasyong sikolohikal. Ipinasuspinde niya kay Quirino ang *writ of habeas corpus* para




***Ramon Magsaysay, sa pabalat ng TIME Magazine, Nobyembre 26, 1951***

walang taning na maikulong ang nadakip na mga rebelde.

Sinabayan niya ito ng pagtatatag ng Economic Development Corps (EDCOR) na nagdala ng islogang "lupa sa walang lupa" at ipinang-akit niya sa mga magsasakang base ng HMB at mga rebeldeng nagbalik-loob. Dito nagmula ang propaganda na "lupang pangako" ang Mindanao.

Unang nagka-usap sina Magsaysay at Lansdale sa pagbisita ng una sa US bilang *defense secretary* ni Quirino, 1950. Humihingi nuon ng tulong si Magsaysay sa Pamahalaang Harry Truman laban sa mga Huk. Nagtuturo naman ng *intelligence and counter-guerilla operation* sa Air Force Strategic Intelligence School sa Lowry Air Force Base si Landsdale.

Nang makauwi, hiniling ni Magsaysay kay Quirino na irekwes si Lansdale na maitalaga sa JUSMAG sa Pilipinas. Magkasamang nanirahan sa iisang silid sa hedkwater ng JUSMAG sina Magsaysay at Lansdale sa mahigit na dalawang taon.

Maliban sa tulong at payo sa kampanyang kontra-insureksyon, pinabango ng CIA si Magsaysay sa tulong ng *assets* sa midya na nagbansag sa kanya na "the Guy."

Ginabayan ni Lansdale ang pagbuo ng Magsaysay for President Movement (MPM), gumastos para impluwensyahan ang mga dyaryo at balita sa loob at labas ng Pilipinas na nagtampok kay Magsaysay bilang bayani ng masa. Nagmasid maging mga sundalong Amerkano sa araw ng eleksyon. Dumaong pa sa Manila Bay ang ilang barkong panggera ng US na babala sa isang kudetang suportado ng US kapag mandadaya si Quirino.

Nakatuklas ang US ng bagong modelo ng panghihimasok nang walang dadanak na dugong Amerkano, kakaunti ang gastos, subalit mailuluklok ang gubyernong matapat sa kanyang interes. (Matapos ang eleksyon, itinalaga ng CIA si Lansdale sa Vietnam, kasama ang mga tauhang Pilipino para ulitin sa gubyernong Ngo Dinh Diem ang ginampanang papel kay Magsaysay.)

Bilang presidente, ipinatupad ni Magsaysay ang US-RP Laurel-Langley Agreement na nagtali sa Pilipinas sa nakabatay sa kota na eksport ng mga produktong agrikultural sa US at walang-kota na importasyon, 1954 -1974. Lalong ibinukas sa malayang pagdambong ng mga Amerikanong korporasyon ang likas na rekurso ng Pilipinas—lupa, karagatan at mineral at pasukin ang halos lahat ng negosyo, liban sa pagtitingi at edukasyon. Idinaos din sa Pilipinas, 1954 ang Manila Conference para itatag ang Southeast Asia Treaty Organization for Collective Defense (SEATO) sa ilalim ng impluwensya ng US para labanan ang paglaganap ng sosyalismo sa rehiyon.

Itinulak din ni Magsaysay ang reporma sa lupa at pinasaklaw pa ang EDCOR na hinalinhan ng NARRA *(National Resettlement and Rehabilitation Administration)* na nangasiwa sa relokasyon ng mga rebeldeng nagbalik-loob at iba pang maralitang magbubukid, sa iba't-ibang lugar sa Mindanao at Luzon. Higit sa paglutas ng suliranin sa lupa, ang EDCOR/NARRA ay nagsilbi sa propagandang *anti-insurgency.* Nasawi si Magsaysay nang bumagsak ang sinasakyang eroplano sa Mt. Manunggal, Cebu, Marso 17, 1957. (R. Faustino)***K***

**Mga sanggunian: *Ang Bagong Lumipas,* Renato at Letizia R. Constantino, Salin ni Ariel Dim Borlongan, UP Press, Foundation for Nationalist Studies, 1996; *wikipilipinas.com; wikipedia;* www. history/army. mil/books/coldwar/huk; Lansdale, *Magsaysay, America, and the Philippines: A Case Study of Limited Intervention Counterinsurgency,* Andrew E. Lembke, Major, US Army, B.S., United States Military Academy, West Point, New York, 2001.**




# Nilalaman

**Taon 10 Bilang 2 Abril 15, 2016**

*Pabalat*: Gate ng Subic Bay Freeport. Libu-libong manggagawa sa loob ng *economic zone* na ito ang maaaring mawalan ng trabaho sa muling paggamit sa Sibic Bay bilang baseng militar sa pagbabalik ng *US forces* sa Pilipinas sa bisa ng EDCA ***(Larawan: Bogs Broquil)***

**4 Editoryal:** *Pagpapalit ng Renda*

**2 Bakas ng Kasaysayan**
Manipulasyon ng CIA sa Eleksyong 1953

**Lathalain**

6 *EDCA: Pandigmang "Kooperasyon" Sa Anino ng Labanan ng Higanteng US at China*
Ni Lutgardo Paras

13 *Ibalik sa Mamamayang Pilipino ang Angat Dam!*
Ni Rodelio Faustino

20 *Barikada Laban Sa Pamiminsala ng mga Minahan*
*Ni* Bogs Broquil



37 *Tanggalan ng mga Manggagawa sa Middle East*
*Ni* Melissa Gracia Lanuza

**Sining at Kultura**

27 Tula: *Eleksyon*
*Ni* Elmer Aresgado

28 Tula: *Takipsilim*
*Ni* Sarah Jane Espiritu



29 Maikling Kwento: *Ebolusyon*
*Ni* Rene Bornilla



32 Tula: *Pamana ng Hiyas mong Buhay Ay Lantay na Pagkamakabayan*
*Ni* L. Balgos Delacruz

33 Parangal: *Jovito Salonga*
*Mula sa Kilusan*

34 Tula: Kapasyahan ng Isang Manggagawa
*Ni* R. Faustino

35 Si Ka Roger
*Mula sa Kilusan*

35 Tula: *Para kay Kasamang Sarah*
*Ni* Berlin Eranista

36 Tula: *Ang Uhaw Ko*
*Ni* Jayson Tayag

**Internasyunal**

41 Mensahe ng Pakikiisa at Suporta sa Pakikibakang Bilivariano

42 *Ginigera Muli*
*Ni* Melissa Gracia Lanuza



51 *Pagsubaybay sa Galaw ng US Military sa Asia-Pacific: Enero-Marso 2016*
*Ni* Melissa Gracia Lanuza

**Likod: Larawan at Balita**
*Binuwag ng mga Pulis*

**KILUSAN**

**Opisyal na Pahayagan ng Kilusan para sa Pambansang Demokrasya (Kilusan)**
**National Office**: # 22-A Domingo Guevarra St. Highway Hills, Mandaluyong City, Philippines 1501
Email: *kpdpilipinas@gmail.com, kilusan_june10@yahoo.com*
Website: *www.kpdpilipinas.com*
Telefax: (632) 717 3262

**Provincial Offices:**
*Baguio-Benguet:* # 193 Dominican Hill Extension, Baguio City
*Pampanga:* #2046 Rivera St. Pulongbulo, Angeles City, Pampanga
*Bataan:* # 22, San Nicolas St. Brgy. Poblacion, Mariveles, Bataan
*Zambales:* # 70 Peria Bldg, Soriano St., Brgy Wawandue, Subic, Zambales
*Cebu and Visayas:* # 690-C, D. Jakosalem St., Brgy. Kamagayan, Cebu City 6000
*Davao*: # 6 VIA's Court Bldg, Pelayo St., Davao City

***Kilusan* Editorial Board**
Fidel Fababier
Atty. Virgie Suarez
L. Balgos Delacruz
Rodelio Faustino
Melissa Gracia Lanuza
Bogs Broquil
LutgardoParas

***Regular na Kontribyutor***
Rene Bornilla,
Elmer Aresgado

***Dibuho:***
Alex Navarro Uy
***Graphic Arts*** consultant:
Rolly de Jesus
***Lay-out***: Rodelio Faustino

*Bukas ang Kilusan sa mga artikulo, balita, tula, sanaysay, kwento,* artwork, *komentaryo, puna, mungkahi atbp; Ipadala ang ambag sa tanggapan at/o sa mga email address na nakasulat sa itaas.*

Inilalathala tuwing ikatlong buwan; Subskripsyon: P 200 bawat taon. Makipag-ugnay sa tanggapan ng ***Kilusan*** para sa subskripyon, isponsorsip o donasyon. Maaring ideposito ang kabayaran o tulong sa BPI-Family Savings Bank *Account # 006176-2130-25*

**Editoryal**

# Simula pa lang 'yan

Limang base ang pinagkasunduang ipagagamit sa US sa ika-6 ng US-Philippines Bilateral Strategic Dialogue sa Washington nuong Marso 17-18, 2016. Nuong pumunta rito si US Defense Secretary Ashton Carter nitong Abril 13, pito na, kasama na ang Clark at, huminga tayo, ang mismong Camp Aguinaldo, ang punong himpilan ng Armed Forces ng Pilipinas, ang pinakahaligi ng estadong Pilipino!

Pero tyempo sa kainitan ng kampanyahan para sa pambansang eleksyon, ang mga mata at tainga ng higit na maraming tao ay nasa mga pampulitukang palabas na higit pa sa peryahan.

Tulad nuong italaga ang Joint Special Operations Task Force-Philippines (JSOTF-P) nuong 2002, ang pagdeploy dito ng US troops ngayon, nilinaw ni Carter, ay dahil sa "imbitasyon ng alyadong gubyerno ng Pilipinas."

Talaga naman. Hinigitan ng gubyernong pinamunuan ni Benigno S. Aquino III ang ginawa ni Gloria Macapagal Arroyo sa pagtangkilik sa estratehiyang militar ng US. Ayon sa mga pahayag ng US na hindi naman pinasubalian ni Arroyo, inimbitahan niya ang mga tropang US para tumulong sa pagpuksa sa Abu Sayyaf at pinayagan niya ang mga ito na humimpil sa mga kampo ng AFP at sumuksok *(embed)* sa mga pormasyong Piipino sa Mindanao.

Ibinigay na ng gubyerno ni Aquino ang lahat ng kailangan ng US: pagpapainit sa sigalot sa pagpapatulak ng barko ng Philippine Navy nuong 2012 para dakpin ang mga Chinese poachers sa Scarborough/Panatag Shoal at makipagkomprontasyon sa Chinese Coast Guard; pagbabando ng palabang posisyon kontra-China; paglalako sa mamamayan ng pangangailangang sumandig sa US kaugnay ng problemang ito; at, pagpasok sa EDCA, na nagbigay sa US ng karapatang muling magpwesto ng mga tropa at mga kasangkapang panggera. Ito ang pamana ng administrasyong Aquino sa hahalili sa Malakanyang.

Dahil mahina ang rehistro ng pagtutol, isinasagawa na nang walang hadlang ang bwelong pagpapagamit ng Pilipinas sa disenyo ng "rebalance" o "pivot" ng US sa Asia Pacific na nakatutok sa pag-ipit hanggang sa pagdigma sa China.

Aminado ang US na labas siya sa sigalot tungkol sa soberanya sa mga isla, bahura, *shoal, cay* at bato sa South China Sea. Pero sa pagpapapwesto ng mga pwersang militar ng US, sukdang pinagbase pa sa Camp Aguinaldo ang mga US Marines at sumasama ang Pilipinas sa pagpapatrulya ng mga tropang US, pinauuna ng gubyernong Aquino ang pagsisilbi sa US ayon sa itinakda nitong papel ng Pilipinas sa "rebalance."

Nakasandal ang gubyernong Aquino sa US. Samantalang nakaamba ang US laban sa China, hindi upang ipaglaban ang karapatan ng mga bayang sangkot sa teritoryal na sigalot kundi para manatili siyang nag-iisang superpower sa buong daigdig.

Papalapit nang papalapit sa gera ang US at China. Nagtalaga na ang US ng mga stealth bombers sa Pacific. Dalawampung porsyento ang inilaki ng mga tropa ng US sa Japan. Sa unang pagkakataon mula 2011, nitong Abril lang nagtalaga ng 1,250 US Marines sa Northern Territory ng Australia kasabay ang apat na Bell UH-1Y Venom helicopters at isang hanay ng mga kagamitang pandigma. Nailatag na ng Australia at Japan ang mga legal na batayan ng kanilang pagsuporta sa "rebalance" ng US. At ngayon, isinasama na ang mga sundalong Pilipino sa pagpapatrulya sa South China Sea.

Walang tigil ang pagmumodernisa ng China ng kanyang mga armas at pagsisinop sa istruktura ng People's Liberation Army. Walang pagpapakitang tumitiklop ito sa mga probokasyon at pagbabanta ng US.

Kaya ang lagay, ang pagsampa ng kaso sa Permanent Court of Arbitration ay pampatibay na lang sa kawastuan ng pagdigma sa China at pang-akit ng internasyunal na suporta. Inaabangan na ang ilalabas na desisyon ng Permanent Court. Ngunit habang papalapit ito ay lalong umiigting ang mga maniobra sa South China Sea.

Madalas ang paglipad ng mga eroplanong AC-10 Warthogs ng US Air Force mula sa balik-base militar na Clark Air Base. Sa saklaw ng SCS, partikular na iniiukatan ng mga ito ang ibabaw ng Scarborough/Panatag Shoal na inagaw ng China sa Pilipinas nuong 2012. Balak diumano ng China na itransporma ito bilang "isla" na tatayuan ng airfield.

Hindi ipinaliliwanag ng gubyerno ni PNoy na sa gera mapupunta ang galaw na ito. Hindi nila ipinapaalam sa taumbayan na hindi kapanatagan ang idudulot ng pagpapabaseng ito ng mga Kano, na hindi tayo malilihis sa palitan ng missile ng US Australia at Japan sa isang panig, at ng China sa kabila.

Simula pa lang ito ng pangmalayuang disenyo ng US na kinasadlakan ng Pilipinas. Laging may pagkakataon para ipaglaban at igiit ng sambayanang Pilipino ang kasarinlan at soberanya. Dapat idiin ng taumbayan sa mahahalal na gubyerno na habang may panahon pa, kumalas na dapat ang Pilipinas sa mga kasunduang pangmilitar sa US upang maging independyente sa paghahanap pa ng mga paraang mapayapa sa paglutas ng sigalot sa China.***K***



Jayson Cadiz

# EDCA:

## Pandigmang "Kooperasyon"

### *Sa Anino ng Labanan ng Higanteng US at China*

Ni Lutgardo Paras

Umalingawngaw sa mundo ang balitang ipinatutupad na ang Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA). Mahalaga sa disenyong *Asia-Pacific Pivot/Rebalance* ng US ang bagong kasunduang ito ng US at Pilipinas, na nagpapahintulot sa mga pwersang pandigma ng US na muling magbase rito.



Jayson Cadiz

**Inisyal na pagpapatupad**

Sa ika-6 na *US- Philippines Bilateral Strategic Dialogue,* Marso 19, sa Washington, USA, napagkasunduan na "makikipwesto" ang mga tropa at gamit pandigma ng US sa: Basa Airbase sa Floridablanca, Pampanga; Fort Magsaysay, Nueva Ecija; Antonio Bautista Airbase, Palawan; Benito Ebuen Airbase, Mactan, Cebu; at, Lumbia Airport, Cagayan de Oro City.

Dumating sa Pilipinas si US Defense Secretary Ashton Carter, Abril 13. Sinaksihan ng prinsipal na prumotor ng mga gera ng US ang ilang bahagi ng Balikatan War Exercise 2016. Bukod dito, nakipagpulong si Carter kay Defense Secretary Voltaire Gazmin ng Pilipinas, Abril 14. Napagkasunduan nilang pupwestuhan din ang dating Clark Air Base at ang Camp Aguinaldo ng mga tropa at kagamitang pandigma ng US.

Si Carter mismo ang nag-anunsyo sa *international media* na, sa 5,000 tropang Kano na lumahok sa natapos na Balikatan 2016 ay maiiwan ang 200 Airmen at 75 Marines. Labas sa 200 US








*Mga eroplanong pandigma (Osprey) ng US sa Clark, na ginamit nuong Balikatan 2016 (marforpac.marines.mil)*

*Nakataya sa tunggaliang teritoryal ang may halagang $5 trilyon na internasyunal na kalakalang dumadaloy sa SCS.*

Airmen ang hindi kinumpirmang bilang ng *commandos* ng US Special Operations Forces. Sila ang unang *batch* ng magrirelyebong pwersang (rotational force) militar ng US na naaayon sa EDCA. Magtatagal sila sa Pilipinas hanggang Abril 30 at kagyat na hahalinhan ng susunod na relyebo na maaring mas marami at iba sa una ang mga kagamitang pandigmang dala.

Pupwesto ang 200 airmen at 9 na eroplanong pandigma ng US: 5 A10 combat aircraft; 3 HH-60G Pave Hawk helicopter; at, isang MC-130H Combat Talon II *special forces infiltration aircraft* sa Clark Air Base, Pampanga. Pupwesto ang 75 US Marines sa Camp Aguinaldo sa Quezon City.

Hindi magtatagal, madaragdagan pa ang mga "napagkasunduang lugar". Hindi malayong pormal na isasama ang dating Subic Naval Base na regular nang dinadaungan ng mga barko at submarine ng US Navy kahit wala pang EDCA. Hinihimpilan maging ang Clark Air Base ng isang yunit na nagsisilbi sa 7th Fleet ng US Navy liban pa sa mga pwersang Kano tuwing may pagsasanay militar ng mga armadong pwersa ng US at Pilipinas.

Nilahukan ang katatapos na Balikatan 2016 ng 80 sundalong Australian. Dumalo din sa Balikatan, bilang mga tagamasid (observers), ang mga opisyal-militar mula Japan, India, South Korea, Brunei, Cambodia, Indonesia, Laos, Malaysia, Singapore, Thailand, Timor-Leste at Vietnam.

Kinondena ng China ang Balikatan 2016. Sinabi ng tagapagsalita ng China, "Ito ay pakana ng Pilipinas para idamay sa rehiyunal na gulo (sa South China Sea) ang mga hindi taga rito *(outsiders)*."

Iginiit ng US at Pilipinas na, "walang kaugnayan ang Balikatan sa sigalot sa South China Sea (SCS). Samantala, ang tingin ng China sa EDCA ay, "Palatandaan ng lalong militarisasyon sa isyu ng SCS o West Philippine Sea.

**Sa gitna ng tumitinding kiskisan ng US at China sa South China Sea**

Matindi na ang paggitgit ng US sa China sa South China Sea (SCS) nang ipasya nuong Enero 12, 2016 ng 10 mahistrado ng Korte Suprema na "legal at konstitusyunal" ang EDCA. Nagpahayag ng kasiyahan si US State Secretary John Kerry na nuo'y nasa gitna ng *Bilateral Security Dialogue* sa pagitan ng US at Pilipinas. Ipinahiwatig niya, "ang usapin ngayon ay implementasyon ng EDCA."

Malaki at pangmalayuan ang kabuluhan sa US ng EDCA lalo ngayong itinataas nito ang antas ng komprontasyon sa China. Pinatitindi ng US, simula Oktubre 2015, ang panggigitgit sa China. "Kalayaan sa paglalayag" *(freedom of navigation)* ang linya at prinsipyo ng US sa paghamon sa pagwasiwas ng China ng "soberanya o kapangyarihan" sa SCS.

Dalawang ulit nang sadyang naglayag sa loob ng "teritoryong dagat" ng China ang barkong pandigma ng US.







*Hugos ng mga manggagawa na papasok sa mga pabrika at opisina sa loob ng Subic Bay Freeport (kaliwa), at sa itaas ang gate ng Clark Special Ecnomic Zone (mga larawan Boga Broquil, at margaritastation.com)*

*Itinaas ng US ang islogang "kalayaan sa paglalayag" sa paghamon at paggitgit nito sa "soberanya o kapangyarihan" ng China sa SCS.*

Nagtalaga rin ng 2 strategic bombers ang US Air Force sa base nito sa Australia. Nitong Marso lamang, tumulak sa SCS ang US Carrier Group na pinangungunahan ng USS John Stennis. Ang carrier group ay nananatili sa naturang erya hanggang kasalukuyan.

Nagtungo si Carter, kasama si Gazmin, sa *aircraft carrier* USS John Stennis sa laot ng SCS, 70 milya ang layo sa Pilipinas, Abril 16. Sa *flight deck* ng *carrier* sinabi ni Carter, "Hindi bago ang pagkakaruon ng *American carrier* sa rehiyong ito. Ang tension sa SCS, na nais nating pahupain, ang bago rito". Nauna rito ay inamin nina Carter at Gazmin sa media na, "dalawang ulit nang magkasamang nagpatrulya sa SCS ang mga pwersa ng US Navy at Philippine Navy." Dagdag pa ni Carter, "Masusundan pa ang magkasanib na pagpatrulya sa SCS", hindi lamang ng US at Pilipinas.

Nuong Marso 5, nagpulong ang mga opisyal ng US Navy, Philippine Navy at Japan Maritime Defense Force para sa pagtutulungan sa pagpapatrulya sa SCS.

Samantala,hindi naglulubay ang China sa pagtatayo ng mga istruktura sa mga bahurang ginawang "isla." Sinabi ng China, nuong Nobyembre, na magtatalaga ng isang iskwad ng J-11 fighter jet planes sa Woody Island, Paracel. Napabalita nitong Pebrero na nagtalaga ang China ng *surface to air missiles* sa Woody Island din. Hindi ito itinanggi ng China. Kamakailan, Abril 20, lumapag sa *airstrip* sa Fiery Cross (Kagitingan) ang isang eroplanong militar ng China para, diumano, sunduin ang tatlong manggagawang maysakit.

**Sa anino ng labanan ng mga higante**

Nakataya sa tunggaliang teritoryal ang may halagang $5 trilyon na internasyunal na kalakalang dumadaloy sa SCS. Nakasalang din ang pinaniniwalaang malaking deposito ng langis at *natural gas* sa ilalim karagatang ito. Kontrol at seguridad nito, sa madaling salita, ang isyu sa tunggaliang US kontra China.

Tumungo sa labanan ng dalawang higante ang malaon nang hidwaang teritoryal sa SCS sa pagitan ng China, Vietnam, Pilipinas, Malaysia, Brunei at Taiwan, kung itong huli ay ituturing na hiwalay sa China.

Ang pinagtutunggaliang saklaw ng teritoryo ay ang dalawang kapuluan ng Spratlys at Paracels at ang mababaw na lugar (shoal) ng Panatag o Scarborough. Ang dalawang kapuluan sa katunayan ay grupo ng maliliit na pulo, bahura (reef) at mababaw na lugar.

Mula taong 2000, itinuring ng US ang China bilang karibal na kapangyarihan sa ekonomya at militar at pangunahing banta sa dominasyon nito sa mundo. Naghabol ang US na bumawi sa inabot na impluwensya ng China laluna sa ASEAN (Association of Southeast Asian Nations). Pag-upo ni US President Barack Obama (2009) saka paspasang bumawi sa ASEAN at sa buong Asia-Pacific. Ngunit dumaranas ng krisis pang-ekonomya ang US mula 2008. Sa gayon, ang bentahe nito sa militar ang pangliyabe ng US para bumawi at maka-eksena sa hidwaan sa SCS.

Inunahan ng China ang pakana ng US. Ngunit salungat ang hakbang ng China sa kasunduan nito sa ASEAN noong 2002. Isinumite ng China sa United Nations (UN) ang mapa na nagpapakita sa pormulang *"nine-dash line"* nuong Mayo 7, 2009. Ang kahulugan nito, "teritoryo" ng China ang halos 85% ng

SCS. Taliwas ito sa kasunduang ASEAN-China na: Deklarasyon ng mga Prinsipyo sa Kondukta ng mga Partidong Sangkot sa Hidwaan sa South China Sea.

Maagap na naghapag ng diplomatikong protesta ang Pilipinas sa China. Ang Malaysia at Vietnam ay naghapag ng magkasanib na protesta sa UN, Mayo 8, 2009. Gayundin ang Indonesia. Nabigyan nito ng dahilan ang US para umeksena sa SCS at igiit ang kapangyarihan nito sa karagatan, hindi lamang dito kundi sa buong mundo.

Sa isang pulong pangseguridad ng ASEAN sa Vietnam, Hulyo 2010, sinabi ng nuon ay US State Secretary Hillary Clinton, "ang resolusyon ng hidwaan sa SCS ay 'pivotal' sa pangrehiyong istabilidad." Sinabi pa niya, "Ang US ay may pambansang interes sa 'malayang paglalayag', bukas na akses *(open access)* sa komon na karagatan (maritime commons) sa Asia, at paggalang sa internasyunal na batas sa SCS".

Itinaas ng US ang islogang "kalayaan sa paglalayag" sa paghamon at paggitgit nito sa "soberanya o kapangyarihan" ng China sa SCS. Kasama ng US ang alyado nitong Japan at Australia, kaladkad ang Pilipinas, patuloy na kinakabig ang Vietnam at sinusuyo ang Malaysia at Brunei.

Sa kabilang panig, suportado ang China ng Russia at India. Kamakailan lang ay naglabas sila ng magkasanib na pahayag ng suporta sa posisyon at panawagan ng China na "usapang dalawahan" (bilateral talks) para sa mapayapang paglutas ng sigalot sa SCS.

Ngunit lalong kumumplika ang EDCA sa katayuan ng Pilipinas para sa mapayapang solusyon ng hidwaan sa China.

*Makipot na ang daan para sa mapayapang solusyon ng sigalot. Tagisan ng lakas-militar ang nangingibabaw sa ribalang US-China sa SCS. Sino unang kukurap o magpapaputok!?*

**EDCA: Implikasyon at kahulugan sa kasarinlan, seguridad at ekonomya ng bayan at mamamayan**

*Ang EDCA ay kasunduang naggagapos sa Pilipinas sa mga digma at militaristang pakana ng US.*



*Ang mga opisyal ng Philippines and U.S. officials sa kanilang pagkakapit-bisig sa palatuntunan sa pagbubukas ng 2016 Balikatan military exercises sa hedkwarter ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Camp Aguinaldo, Quezon city, Metro Manila Abril 4, 2016 (www.voanews.com)*

Hindi lang minsan isinalang sa mga kandidato sa pagkapangulo ang hidwaan sa SCS. Laging tampok ang sitwasyon ng mga Pilipinong mangingisda na itinataboy ng Chinese Coast Guard kapag nagtatangka silang mangisda sa Scarborough o Panatag Shoal. Dati silang payapang nakakapangisda duon. Madalas nakakasabay nila mga mangingisda na iba ang nasyunalidad. Walang problema, hanggang ang Scarborough ay agawin ng China.

Karaniwang de-kahon o parang sirang plaka ang sagot ng bawat kandidatong presidente. Meron gustong maging "hero". Ngunit nakapagtatakang hindi nauungkat ang EDCA sa usapan. Parang wala itong relasyon sa patakarang panlabas ng Pilipinas o ugnayan ng bansa sa iba pang bansa.

Ang EDCA ay kasunduang gumagapos sa Pilipinas sa mga digma at militaristang pakana ng US. Ikinikompromiso nito ang relasyon ng Pilipinas sa ibayang estado o bayan, kabilang ang China at mga bayang dinidigma ng US. Ito'y kumpirmasyon na hindi independiente ang ugnayang panlabas ng Pilipinas.

Muling pagdidiin ito na nakadepende ang AFP sa insultong "suporta" ng US na $40M sa 2016, kasama na ginastos sa Balikatan at sa isa sa dalawang *reconditioned* C 130 na "bigay" ng US. Samantala, di-bababa sa $2B ang taun-taong ayuda nito sa manggigerang Israel na pumapatay sa mga Palestino.

Ngunit sa mga kagyat na kongkretong kahulugan ng EDCA, tumatampok ang pagkompromiso sa Clark (at hindi magtatagal, Subic) bilang Economic Zones. Hindi man alisin ang karatulang Economic Zone, kagyat na mag-iiba ang pag-istasyon dito ng mga tropa at kagamitang pandigma sa katayuan nito bilang eryang sibilyan at pangkabuhayan.

Mababago ang katayuan ng Clark at Subic sa "pagbalik-base militar" nito. Mawawalang-saysay ang katayuan nila bilang Economic Zones. Tiyak na maraming magiging limitasyon sa kilos at galaw ng *locators* at mga manggagawa at pati ng mga residenteng pumapasok para mag-shopping o kumain dito.







*Mga mangingisda na pumapalaot sa South China Sea habang nagsisipaghanda sa kanilang paglalayag (www.voanews.com).*

*Sa mahigit 20 taon na walang base-militar at pagkakatransporma ng Clark at Subic mula pandigma tungong pang-ekonomyang gamit, 10 beses na mas maraming trabaho ang nalikha dito kumpara nuong base militar pa.*

Sabi ng mga manggagawa sa isang empresa sa Clark, "Tuwing may Balikatan, humihigpit ang seguridad dito". Malamang maging permanente at mas malawak ang saklaw ng seguridad *(security perimeter)* kapag may nakapwesto nang mga tropa at kagamitang pandigma ng US".

Hindi na paborable ang katayuan ng Clark at di-magtatagal, ng Subic, sa mga negosyo sa mga linya ng komersyo at industriya. Nagtataka nuong una ang *locators* at mga nais mag-*invest*, laluna sa Clark, "Bakit hindi umuusad ang Clark International Airport at proyektong Green City?" Nauwi sa pagkabahala ang kanilang pagtataka makaraang paboran ng Korte Suprema ang EDCA.

Nakataya ang kinabukasan ng abot sa 200,000 manggagawa at empleyado ng daan-daang *locators* dito. Kabilang sa mawawalan ng trabaho ang mga empleyado ng Clark Development Corporation (CDC) at Subic Bay Metropolitan Authority (SBMA). Nakabitin sa hangin ang inaasam, laluna ng mga taga Central Luzon, na *commercial-industrial hub* sa Clark. Nakabitin din ang tinatanaw na pag-unlad ng Clark International Airport bilang *alternate* o panghaliling airport sa masikip at lampas sa kapasidad na Ninoy Aquino International Airport (NAIA).

Sa mahigit 20 taon na walang base-militar at pagkakatransporma ng Clark at Subic mula pandigma tungong pang-ekonomyang gamit, 10 beses na mas maraming trabaho ang nalikha rito kumpara nuong base militar pa. Higit sa lahat, ang mga trabaho ngayon ay produktibo at disente, hindi tulad nuon na mga trabahong pandigma at pangwasak at tagapagsilbi sa mga sundalo ng US.

Habang pinatitindi ang kiskisan sa SCS, lumulubha ang krisis ng pandaigdigang kapitalismo na pinamumunuan ng US. Malawakan ang pagtatanggal ng mga manggagawa sa lahat ng linya ng industriya, manupaktura at serbisyo sa buong mundo. Natanggal na ang maraming manggagawa, kabilang ang mga Pilipino, sa industriya ng langis sa Middle East at iba pang lugar, gayundin ang mga *seaman* na tripulante ng *oil tankers* at iba pang barkong pangkarga.

Marapat na nagkakahugis sa pagkakaisa ang pagkabahala ng mga manggagawa, iba pang empleyado at Pilipino at dayuhang *locators* para labanan ang pagbabalik-base militar ng Clark at Subic. Susuportahan sila ng lahat ng mamamayang tutol sa mga gera ng US. ***K***

Lathalain



Angat Dam (newsinfo.inquirer.net)

# Ibalik sa Mamamayang Pilipino ang Angat Dam!

Pag-aari na ng Korean Water ang Angat Hydro Eletric Power Plant, at kontrolado na rin nito ang distribusyon ng tubig para sa Bulacan Bulk Water System

Ni Rodelio Faustino

Matapos ang mahigit apat na taon nang mga petisyon sa Korte Suprema mula 2010, pinaboran ng korte ang pagbili, at hawak na ng dayuhang korporasyong Korea Water Resources Corporation (K-Water) ang Angat Hydro Electric Power Plant (AHEPP).

Kinumpleto na ng bentahang ito ang pagsasapribado ng operasyon ng Angat Dam matapos na isapribado na rin ang operasyon ng Metropolitan Waterworks and Sewerage Systems (MWSS) nuong 1997.

Pribado na ang paglikha ng enerhiya sa lahat ng dam sa Luzon, at sa buong bayan, tanging ang operasyon ng Agus-Pulangi Hydro Complex na lamang ang hindi pa naisasapribado. Itinakda ang pagbibenta ng *generation assets* ng gubyerno sa malalaking pribadong kumpanyang lokal at dayuhan ng neoliberal na batas na Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) nuong 2001.

**Pag-aari na ng *K-Water***

Binili ng K-Water sa halagang $441M sa *bidding* na pinangasiwaan ng Power Sector Assets and Liabilities Management (PSALM) Corporation ang AHEPP nuong Abril 28, 2010. Tinalo nito ang alok ng First Gen Northern Energy Corp. ( $365M), San Miguel Corp. ($312.50M), SN-Aboitiz Power Pangasinan, Inc. ($256 million), Trans-Asia Oil & Energy Development Corp. ($237M) at DMCI Power Corp. ($188.89M).

Pero sinuspinde ng Korte Suprema ang bentahan na ipapatupad na sana, Mayo 24, 2010. Naglabas ito ng *status quo ante order* dahil sa

*Nakaupo sa West Valley fault line ang dam. Nagbanta si Dr. Renato Solidum na kung gagalaw ang fault line, maaari itong lumikha ng magnitude 7.2 o intensity 8 na lindol. (G)umagalaw ang fault line minsan sa loob ng 400-600 taon, pinakahuling naitala ay nuong 1648.*




*Si President Aquino sa kanyang talumpati sa presentasyon ng kasunduan ukol sa Bulacan Bulk Water Supply project (www.gov.ph)*

petisyon ng Freedom from Debt Coalition (FDC) at ng iba pang grupo gaya ng Initiatives for Dialogue and Empowerment through Alternative Legal Services (Ideals) Inc., laban sa *privatization* ng Angat dam. Kinuwestyon ng mga petisyuner ang konstitusyunalidad ng pagbibenta sa dayuhang entidad ng *power utilities*, isang batayang serbisyong publiko.

Kalaunan, ipinasya ng Korte, Oktubre 9, 2012 na ligal at *valid* ang *bidding* pati na ang pagbibigay ng Notice of Award sa K-Water. Naging pinal ang desisyong ito ng Korte Suprema, Nobyembre 13, 2012, matapos ibasura ang paghahabol pa ng mga petisyuner.

Kaya naman nag-isyu na ang PSALM ng Certificate of Effectivity of the Asset Purchase Agreement (APA) sa K-Water nuong Setyembre 2, 2013. Naipirme ang bentahan sa may diskwentong halagang $439M mula sa orihinal na $441M, dahil sa pagsama pa ng kalagayan ng dam mula nang mahinto ang *turnover* dahil sa petisyon sa Korte Suprema.

Ganap na naisapribado ang AHEPP, Nobyembre 2014. Ipinasa ito sa Angat Hydropower Corporation, korporasyong nabuo sa pagsososyo ng K-Water, at ng SMC Global Power Holdings Corp. Nakuha ng SMC Global Power ang 60% ng kumpanya batay sa kontrata nito sa K-Water dahil sa itinatakda ng Konsitutusyon na 60% pag-aari ng Pilipino sa mga korporasyong may estratehikog negosyo sa Pilipinas.

Kasunod nito, nakuha rin ng San Miguel Corporation-Korea Water Resorces Corp (SMC-K) ang 32-taong konsesyon mula sa MWSS para sa Bulacan Bulk Water Supply. Personal na sinaksihan ni Pres. Noynoy Aquino ang paglagda sa kasunduang ito sa Malolos City, Enero 15, 2016.

Nagkakahalaga ng P17 bilyon ang proyekto. Tinalo ng SMC-K ang *bid* ng iba pang mga katunggali gaya ng Prime Alloy Water Consortium at ng Team Polaris-Manila Water Consortium.

Popondohan ng SMC-K ang disenyo at konstruksyon para sa distribusyon, *water treatment facilities* at *water source* (mula sa Angat dam). Magsusuplay ito ng tubig sa 24 munisipalidad.

Itinatag ng gubyerno ng South Korea ang K-Water, 1967. Naging instrumento ito sa pagpapaunlad ng serbisyo ng tubig at *hydroelectric development* sa South Korea. Namuhunan na ito sa ibayong dagat mula 1994. Natapos na nito ang 55 *water-related contracts* sa 24 na bayan sa daigdig at may 20 pang proyekto sa 13 bayan. Kabilang sa nakuha nito ay ang *service contract* sa superbisyon at inspeksyon ng Doyang Hydro-Electric Project sa India, ang Erbil Water Supply Project para sa *post war restoration* ng Iraq, at kontrata sa *drinking water development projec*t sa Mongolia.

Matagal nang aktibo sa pagbili ng *generation assests* ang SMC. Kontrolado o may bahagi ito sa bisa ng kontrata sa PSALM sa Sual Coal Power Plant, sa Sual, Pangasinan (2009) at sosyo dito ng San Miguel Energy Corporation ang Marubeni Corporation at Tokyo Electric; sa Ilijan Power Plant sa Arenas Point, Ilijan, Batangas City (2010); at sa San Roque Hydro Electric Multipurpose Power Plant sa San Manuel, Pangasinan (2010) kung saan kasosyo nito ang Marubeni, Philippines Holding Inc., at Italian-Thai Development Public Issuer Ltd.

**Nasa Panganib ang Angat Dam**

Matatagpuan ang Angat Dam sa Angat River sa San Lorenzo, Norzagaray, Bulakan, 38 km hilaga ng Metro Manila. Sinimulan itong gawin nuong 1964, natapos, 1967 at naging operasyunal mula 1968.

Dumadaloy mula sa Sierra Madre ang Angat River. Dumudugtong dito ang tatlo pang malalaking ilog, ang Talaguio, Catmon at Matulid. Manipis hanggang kamtaman ang kapal ng kakahuyan sa 528 sq. km. na *watershed* ng dam.

Itinayo ang Angat dam





**Table 1: Mayor na Hydro Electric Power Plants sa Pilipinas at ang mga pribadong may-ari o opereytor ng mga ito**

| Hydro Electric Power Plant (HEPP) | Registered Capacity PMax | No. of Units | Location | Plant Owner/ Operator | Water Source | Plant Type | Purpose |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. Ambuklao | 105 MW | 3x35 MW | Bokud, Benguet | SN Aboitiz Power, Inc.- Benguet | Agno River | Impounding/ Multipurpose | Flood Control Power Generation |
| 2. Angat | 246 MW | 4x 50 MW (main); 3x6 MW, 1x10MW (aux.) | Norzagaray, Bulakan | SMC-K Water (Angat Hydropower Corp) | Angat River | Impounding/ Multipurpose | Domestic Water Supply, Irrigation Flood Control Power Generation |
| 3. Bakun AC | 76 MW | 1x70 MW | Alilem, Ilocos Sur | Luzon Hydro Corporation | Bakun River | Run-of- River | Power Generation |
| 4. Binga | 132 MW | 4x33 MW | Itogon, Benguet | SN Aboitiz Power, Inc.- Benguet | Agno River | Impounding/ Multipurpose | Flood Control/ Power Generation |
| 5. Caliraya | 28 MW | 2X14 MW | Lumban, Laguna | CBK Power Company Ltd. | Caliraya and Lumot Lake | Impounding/ Pumped Storage | Irrigation Power Generation |
| 6. Casecnan | 165 MW | 2X82.5 MW | Pantabangan, Nueva Ecija | CE Casecnan Water and Energy Co. (CalEnergy) | Casecnan and Taan Reservoir | Run-of-river | rrigation Power Generation |
| 7. HEDCOR minihydro | 30 MW | 1X30 WM | La Trinidad, Benguet | Luzon Hydro Corporation | Various rivers in Benguet | Run-of-river | Power Generation |
| 8. Kalayaan Pumped Storage | 720 MW | 4X180 MW | Kalayaan, Laguna | CBK Power Company Ltd | Laguna Lake | Pumped Storage | Power Generation (specially for ancillary service) |
| 9. Magat | 380 Mw | 4x95 MW | Ramon, Isabela | SN Aboitiz Power, Inc.- Magat | Magat River | Impounding/ Multipurpose | Irrigation Flood Control Power Generation |
| 10. Masiway | 12.4 MW | 1x12.4 MW | Pntabangan, Nueva Ecija | First Gen Hydro Power Corp | Masiway, Reservoir | Impounding/ Multipurpose | Irrigation, Power Generation |
| 11. Pantabangan | 120 MW | 2x60 MW | Ptabangan, Nueva Ecija | First Gen Hydro Power Corp. | Pntbangan Reservoir | Impounding/ Multipurpose | Irrigation, Power Generation |
| 12. San Roque | 411 Mw | 3X137 MW | San Manuel Pangasinan | San Roque Power Corp | Agno River | Imponding/ Multipurpose | Irrigation Flood Control Water Quality Improvement Power Generation |
| 13. Agus 1 | 50 MW | | Marawi City, Lanao del Sur | PSALM (Govt/ Napocor) | Agus River | Run-of- River | Power Generation |
| 14. Agus 2 | 122 MW | | Saguiaran , Lanao del Sur | PSALM | Agus River | Run-of- River | Power Generation |
| 15. Agus 4 | 136 MW | | Nangka, Balo-i , Lanao del Norte | PSALM | Agus River | Impounding/ Multipurpose | Power Generation/ Flood Control |
| 16. Agus 5 | 52 MW | | Iligan City, Lanao del Norte | PSALM | Agus River | Run-of- River | Power Generation |
| 17. Agus 6 | 151 MW | | Iligan City, Lanao del Norte | PSALM | Maria Cristina Falls | | Power Generation |
| 18. Agus 7 | 40 MW | | Fuentes, Maria Cristina, Iligan City | PSALM | Maria Cristina Falls | | Power Generation |
| 19. Pulangi 4 | 225 MW | 3X85 MW | Maramag, Bukidnon | PSALM | Pulangi River | Impounding/ Multipurpose | Power Generation/ Flood Control |
| 20. Sibulan HEP | 36 MW | | Sta Cruz, Davao del Sur | Hedcor Sibulan Inc. | | Run-of- River | Power Generation |

**Iba pa:**

1. May 9 pa na mini hydro sa Luzon (Cawayan, Buhi-Barit, NIA-baligatan, Agua Grande, Magat A&B, Baklugbog, Palapaquin, Inarihan, at Yabo) at may kabuuang kapasidad ito na 18MW. Tatlo dito ay pag-aari ng kooperatibang pangkuryente, isa ang inoopereyt ng National Irrigation Administration (NIA) at lima ang pag-aaring pribado (June 18, 2014 data).
2. Walang malalaking HEPP (large hydro power plants) sa Visayas. May rehistradong 7 mini hydro power plants sa iba't-ibang isla (Mantayupan, Basak, Matutinao, Amlan HEP, Janopol, Sevilla Hydroelectric, at Loboc HPP). Ang tatlong nauna ay pagaari ng kooperatiba sa kuryente na Cebeco1 (Cebu), at ang4 pa ay opag-aaring pribado. May kabuuang kapasidad ang lahat nang ito na 11MW
3. May 4 pang mini hydro power plant sa Mindanao (Agusan, Bubunawan, Cabulig HEP at Talomo HEP), at may kabuuang kapasidad na14.1 MW ang mga ito. Pribado ang may-ari nito. Ang Agusan Small Hydro ay pag-aari ng First Gen Bukidnon Power corp.
4. Nakatakdang tipunin sa iisang *energy asset* ang Agus HEPPs para ibenta sa pribado (2014).

**Sources: Philippine Electricity Market Corporation, 2013; http://www.ac3s.org/list-of-power-plants-in-the-philippines-renewable-vs-fossil-fuels**



*Ang Angat hydroelectric power plant compound sa San Lorenzo, Norzagaray, Bulacan, sa opisyal na larawang nagmula sa PPP Center (ppp.gov.ph)*

*Hanggang 2013, nasa 30% lamang ng pangangailangan sa enerhiya ng Pilipinas ang nagmumula sa renewable energy— 20% mula sa hydropower, at 10% ang mula sa geothermal. Wala pang 1% ang kontribusyon ng wind at biomass.*

upang: una, magsuplay ng *domestic* at industriyal na pangangailangan sa tubig ng Metro Manila; ikalawa, irigasyon sa 31,000 ekt. sakahin sa 20 bayan ng Pampanga at Bulakan; ikatlo, lumikha ng *hydroelectric power* para sa Luzon Grid (may kapasidad na 218 MW ang AHEPP); at ikaapat, pigilan ang mga pagbaha sa mga munisipalidad sa ibaba nito.

Tatlo ang *gates* ng *spillway* ng Angat dam, at may *spilling level* na 212 metro. Nagmumula sa Angat dam ang 97% ng kailangang tubig ng Metro Manila. May kakayahan itong mag-imbak ng 850M *cubic meters* ng tubig. Kayang mag-imbak ng Angat ng hanggang 30 araw ng pangangailangan ng Metro Manila.

Halos limang dekada na ang dam. Bakas na sa mga poste nito ang nagsisimulang mga bitak at kagyat ang pangangailangang kumpunihin at patatagin ito.

Maliban pa, nakaupo sa West Valley *fault line* ang dam. Nagbanta si Dr. Renato Solidum na kung gagalaw ang *fault line*, maaari itong lumikha ng *magnitude* 7.2 o *intensity* 8 na lindol. Ayon pa kay Solidum, gumagalaw ang *fault line* minsan sa loob ng 400-600 taon at ang pinakahuling naitala ay nuong 1648.

Itinulak ng ganitong kalagayan ang MWSS na pangunahan ang pagbubuo ng *technical working group* (TWG) para malalim na pag-aralan ang kalagayan ng dam nuong 2011, kasama ang iba pang *stakeholders* sa Angat: NPC, PSALM (na nagpondo sa Feasibility Study), NIA, PAGASA, Phivolcs, Office of Civil Defense, at ang panlalawigang pamahalaan ng Bulakan. Nakumpleto ang pag-aaral nuong 2012 ng Tonkin and Taylor, ang *dam technical consultants* na kinontrata ng TWG (DEMAND AND SUPPLY, Boo Chanco (The Philippine Star) Setyembre 10, 2014).

Nabuo ang Angat Dam and Dyke Strengthening (ADDS) Project. Ipaprubahan ito ni PNoy, Setyembre 2012 at binigyan ng alokasyong P5.7B ng NEDA Board para sa kagyat na implementasyon (Ron Lopez, MB, 2013 December).

Pero hindi ito nakausad. Natali ang dapat sanang kagyat na *repair* ng dam sa bentahan ng AHEPP sa kumpanyang Koreano, lalo pa at ipinasya na nga ng Korte Suprema na ligal, at balido ang bentahang ito.

Sa report ng Mabuhay, isang lokal na pahayagan sa Bulakan (2013), sinabi ni PSALM Pres. Emmanuel Ledesma na sa *operation and maintainance (O&M) agreement* na kakabit ng pagbibenta ng AHEPP, obligasyon ng K-Water na kumpunihin at patatagin ang dam. Gayunman, hindi nito inobliga ang K-Water na agad na ipatupad ang ADDS Project. Pinayagan ito na gumawa ng separado at nagsasariling pag-aaral para sa *repair* at rehabilitasyon ng dam.

Nangako ang K-Water na mabubuo na nito ang *scale model* ng Angat dam sa kanilang laboratoryo sa Korea bago magtapos ang Disyembre 2013. Hanggang sa ngayon wala pang pumuputok na balita kaugnay ng rehabilitasyong ito, gayong kanilang ipinapangako na matatapos ang pagkumpuni sa loob ng dalawang taon hanggang 2017.

**Pangangasiwa sa tubig bago ang *privatization* ng Angat HEPP**

May ipinatutupad na tuntunin sa operasyon ng Angat Dam ayon sa antas ng imbak nitong tubig. Pinagkaisahan ito ng mga ahensyang may tuwirang kinalaman sa serbisyo ng mga dam (hindi lamang sa Angat) — Manila Waterworks and Sewerage Systems o MWSS para sa pangangasiwa ng tubig para sa Metro Manila, National Power Corporation o NPC, National Irrigation Administration o NIA at ang National Water Resources Board (MWRB) na ahensyang nagmomonitor sa mga yamang tubig sa Pilipinas:

Kapag mataas at masagana ang tubig (ayon sa tinatawag nilang *"water level above the upper rule curve"*), lahat ng *demands* ay natutugunan at dahil dito, todo ang kapasidad sa maksimum na *generation* ng kuryente. Dumadaloy naman sa *spillway* ang labis at hindi magagamit na tubig.

Sa pagitan ng mataas at mababang antas ng reserbang tubig (*"between upper and lower rule curves"*), matutugunan ang lahat ng *demands* sa suplay ng tubig at irigasyon. Limitado lamang ang *generation* ng kuryente ayon sa pinawawalang tubig. Maaari pang magpakawala ng tubig para sa power generation pero kailangan munang maksimisihain ang gamit ng *auxilliary units* bago gamitin ang *main units.*

Kapag mababa ang tubig (*"water level below Lower rule curve"*), para na lamang sa residensyal, industriyal at sa irigasyon ang tubig. Limitado na lamang sa pagpapakawala ng tubig ang paglikha ng kuryente. Hindi na papayagan ang dagdag na pagpapakawala ng tubig para sa *power generation.*

Kapag hindi panahon ng pagpapatubig sa irigasyon ( *off-Irrigation period*), papayagan lamang ang pagpapakawala ng minimum na dami ng tubig para sa *power generation* hanggang 5MW. (jcquilala.wordpress.com, 2007)

*Mula nang ipatupad ang mga patakarang neoliberal sa Pilipinas pagpasok ng 1990s, nakaplano na agad ang pagsasapribado ng assets ng gubyerno sa tubig, enerhiya at transportasyon.*

**EPIRA at ang Pagsasapribado ng *Hydroelectric Power Plants***

Iniutos ng Republic Act No. 9136 o ng Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) of 2001 ang deregulasyon at pribatisasyon ng *assets* ng gubyerno sa enerhiya na pangunahin ay nasa pangangasiwa ng Napocor. Binuksan nito ang sektor ng enerhiya sa kontrol ng pribado mula sa *power generation* hanggang distribusyon. Nilagdaan ni Pres. Gloria Macapagal Arroyo ang EPIRA, Hunyo 8, 2001.

Para dito, nilikha ng EPIRA ang Power Sector Assets and Liabilities Management (PSALM) Corporation para gampanan ang sumusunod:

Una, ariin ang lahat ng *generation assets, independent power producer (IPP) contracts, real estate* at iba pang *disposable assets*, at akuin ang lahat ng pananagutan at obligasyon ng National Power Corporation (NPC) at pangasiwaan ang maayos na pagbebenta, disposisyon at pagsasapribado ng *assets* ng NPC;

Ikalawa, akuin ang lahat ng *outstanding* na obligasyon ng mga Electric Cooperatives (EC) sa National Electric Administration (NEA) at iba pang ahensya ng gubyerno na ginamit para sa Rural Electrification Program (REP);

At ikatlo, kolektahin, pangasiwaan at ipatupad ang pagkuha ng bahagi ng NPC sa *universal charge*... na ipinapasa at binabayaran ng *end users* (ng kuryente) nang buwanan sa *distribution utilities*.

Iaasa ng neoliberal na patakarang itinataguyod ng EPIRA maging ang paglinang ng iba't-ibang pagkukunan ng enerhiya. Ipapailalim sa interes ng tubo ang dapat sana ay pagpapaunlad



*Mga magsasaka ng Bulacan habang nag-aani ng palay. Nangangamba ang mga magsasakang umaasa serbisyo ng Angat dam kung may epekto sa kanilang patubig ang pagsapribado ng operasyon ng Angat dam (Freddie C.Velez).*

ng mga enerhiyang *renewable* na sa pangmatagalan ay kapaki-pakinabang sa mamamayan at sa lipunan.

Hanggang 2013, nasa 30% lamang ng pangangailangan sa enerhiya ng Pilipinas ang nagmumula sa *renewable energy*—20% mula sa *hydropower*, at 10% ang mula sa *geothermal.* Wala pang 1% ang kontribusyon ng *wind* at *biomass*. Bagamat may umaandar na *solar power generation facility* sa Mindanao, hindi pa ito itinuturing na 'maaasahan (*dependable*)," ayon sa Department of Energy. May katatapos ding solar power plant sa Palo, Leyte, at sa Batangas nitong Marso, 2016 (http://www.ac3s.org/list-of-power-plants-in-the-philippines-renewable-vs-fossil-fuels; INQ, Marso 17, 2016).

Sa Mindanao, kung saan pinakamalala ang kakapusan sa energhya, nakatakda nang ilipat ng PSALM ang pamamahala sa Mt. Apo Geothermal Power Plants 1& 2 sa FDC Misamis Power Corporation na subsidyaryo ng Filinvest Group. Nakahain na rin para ibenta sa pribado ang 983 MW na *combined installed capacity* ng pitong planta ng Agus-Pulangi Hydropower plants.

Tutol sa pagsasapribado ng mga ito ang 34-*cooperative member* na Mindanao Electricity Cooperatives Inc. at iba pang organisasyon . Nagpasa na rin ng resolusyon ng Misamis Oriental *provincial board* laban sa planong ito.

**Kumpleto na ang Pagsasapribado ng mga Serbisyo ng Angat Dam**

Mula nang ipatupad ang mga patakarang neoliberal sa Pilipinas pagpasok ng 1990s, nakaplano na agad ang pagsasapribado ng *assets* ng gubyerno sa tubig, enerhiya at transportasyon. Sinuhayan ito ng mga batas para mapabilis ang deregulasyon at pag-alis sa kontrol ng estado sa mga ito.

Nuong 1997, isinapribado ng gubyerno ni Fidel Ramos ang Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS), ang ahensya ng gubyerno na nagangasiwa sa serbisyo sa suplay ng tubig at *sanitatation services* para sa halos 10 milyon mamamayan ng Metro Manila.

Mahalaga ang papel ng International Finance Corporation (IFC), ang ahensya para sa *private financing* ng World Bank sa pagsasapribadong ito. Inilarawan nito ang programa na "pinakamalaking *water privatization* sa daigdig."

Ipinatupad ang pribatisasyon sa pamamagitan ng pag-*auction* ng dalawang 25-*year* na konsesyon na magbibigay sa mga kumpanyang mananalo ng responsibilidad sa *water treatment*, distribusyon, *tariff collection*, pagpapaunlad ng pasilidad at pangkalahatang pangangasiwa. Sumali sa *bidding* ang malalaking kumpanyang dayuhan sa *global water industry* gaya ng Vivendi, Ondeo, Anglian at United Utilities, at nangungunang *conglomerates* sa Pilipinas gaya ng Ayala Corporation, Metro Pacific Corporation, Aboitiz Corporation, at Benpres Holdings ng Lopez Group.

*(A)ng katanungan ng mga magbubukid sa 23 bayan ng Pampanga at Bulakan: matitiyak ba ang patubig sa mga pananim, na kung hindi man libre ay sa mababang presyo?*




*Ang pambansang tanggapan ng National Power Corporation (www.bworldonline.com).*





Nagwagi sa *bidding* ang Ayala-led Manila Water Company at ang Lopez-led Maynilad Water Services. Ganap na napasakamay nila ang operasyon at *maintainance* ng MWSS nuong Agosto 1, 1997.

Mula nuon, nilunod na ang mga konsyumer ng MWSS sa walang tigil na pagtaas ng presyo ng serbisyo kasabay ng pana-panahong masamang serbisyo at rasyon ng tubig.

**Patrimonya at Karapatang Pambayan**

Ayon sa Artikulo XII, Seksyon 2 ng Philippine Constitution, "Ang explorasyon, pagpapaunlad at paglinang ng likas yaman ay dapat nasa buong kontrol at pangangasiwa ng Estado *(The exploration, development, and utilization of natural resources shall be under the full control and supervision of the State.)*"

Paglabag sa saligang batas ng Pilipinas na ibenta sa pribado lalo't higit sa mga dayuhan ang likas-yamang karapatang tamasahin ng mamamayang Pilipino at tungkuling pangalagaan at paunlarin ng gubyerno.

Naibenta na ng gubyerno ang halos lahat ng *energy generation assets* nito sa bisa ng neoliberal na batas na EPIRA. Mga katulad din nitong batas gaya ng Mining Act of 1995 ang behikulo ng mga dambuhalang korporasyong dayuhan sa pakikipagkutsabahan sa mga lokal nitong ahente para dambungin ang yamang mineral ng Pilipinas at pinsalain ang kalikasan at buu-buong pamayanan (Sundan sa artikulong *Barikada Laban sa Pamiminsala ng Minahan, pahina 20).*

Kasabay nito ay ang pagsasapribado na rin ng serbisyong panlipunang dapat ay nasa kamay ng pamahalaan—ospital, pampublikong paaralan, mga kalsada at tulay, tubig, mga palengke, transportasyon.



*Sinusuri ng isang empleyado ng Manila Water ang mga metro ng tubig sa isang komunidad (www.mb.com.ph).*

Kaya hindi matigil ang planong amyendahan ang Konstitusyon para buksan na rin sa dayuhan ang pagbibenta maging ng mga lupain sa Pilipinas.

**Ibalik sa Mamamayang Pilipino ang Angat Dam!**

Sa pagpasok ng pribadong interes sa Angat Hydroelectric Power Plant, kaagad na masasalang ang pagtiyak sa tubo ng mga pribadong korporasyong bumili nito. Kahit pa sinasabi ng pamahalaan na "hindi ang dam ang ibinenta, kundi ang plantang pangkuryente lamang," may kagyat na bentahe kaagad ng kontrol ang pribadong kumpanyang nakabili sa planta.

Kaya naman, ang matagal nang kahilingan ng mamamayan ng Bulakan na mabigyan ng tubig mula sa Angat dam ay nauwi rin sa kontrol at konsesyon ng SMC-K Water. Kahit pa ipinapangako ang murang serbisyo ng Bulacan Bulk Water System, sa dulo, gaya ng hinagpis ng mga konsyumer ng MWSS, lulunurin ding gaya nito sa monopolyong presyo ang mamamayan ng Bulakan. Katiyakan nang isasapribado rin ang mga lokal na *water utility companies* sa mga bayang saklaw nito.

Kaya ang katanungan ng mga magbubukid sa 23 bayan ng Pampanga at Bulakan: matitiyak ba ang patubig sa mga pananim, na kung hindi man libre ay sa mababang presyo?

Nagpahiwatig ang NIA sa mga pakikipagpulong nito sa mga magsasaka sa ilang bayan ng Bulakan, ilang taon na ang nakaraan, na posible ang nakametrong bentahan ng tubig sa mga magsasaka sa hinaharap. Kasunod na kaya nito ang pagtataas ng presyo ng serbisyo?

Walang nalalabi sa mamamayan kundi ang igiit ang pagbabasura ng EPIRA at iba pang batas na katulad nito at ibalik muli sa kontrol ng publiko—sa kamay ng mamamayang Pilipino, ang lahat ng serbisyong panlipunan/pambayan na isinapribado na ng pamahalaan, at tiyakin ang paglalaan ng sapat na badyet sa mga ito. Ipaglaban ang pagbabalik sa kontrol at soberanya ng mamamayang Pilipino sa Angat dam, at kaakibat nito, kagyat na akuin ng gubyerno ang pagkumpuni at rehabilitasyon nito.***K***

# BARIKADA

## Laban Sa Pamiminsala ng mga Minahan!

Ni Bogs Broquil

Barikada! Ito ang pasya ng mamamayan ng Sta Cruz, upang sa kahuli-hulihan, ay gamitin nila ang kanilang karapatan para pigilan ang pagkawasak ng kalikasan na pinagmumulan ng kanilang buhay at kabuhayan dahil sa ilang taon nang operasyon ng malawakan at mapanirang *strip mining* ng malalaking minahan: Benguet Nickel Mines Inc (BNMI), Zambales Diversified Metals Corp (ZDMC), Eramen Minerals Inc (EMI), at LNL Archipelago Minerals Inc (LAMI) sa kanilang bayan.

Ayon kay Dr. Benito E. Molino (Pangulo-Concerned Citizens of Sta. Cruz o CCOS), *"ang barikada ay isang paraan ng pagtatanggol ng kanilang [mamamayan] mga karapatan—karapatang mabuhay, karapatan ng mga susunod na henerasyon, karapatan sa kabuhayan at karapatan sa malusog at balanseng ekolohiya"*.

Ito naman ang pahayag ni Luisa Serrano, 50 taong gulang at magsasaka (kasapi ng KAISA KA at Defend Zambales) kung bakit sila umabot na magbarikada:

*"Ang aming pagtutol sa patuloy na pagmimina sa aming lugar ay nag-ugat sa aming takot. Takot kami para sa aming buhay at kabuhayan dahil pag muling bumaha at naulit ang nangyari noong bagyong Lando baka mas malala ang aming sapitin. Bukod sa pagkalunod nanganganib din kami sa mga troso na maaring anurin ng tubig galing ng bundok. Saan kami pupunta? Sino ang aming lalapitan? Paglabag ba sa batas ang ipaglaban namin ang aming sarili, mga anak, kapatid at mga magulang?*

*"Sa pamamagitan ng pag-barikada at pagpapahayag ng aming pagtutol, nailalabas namin ang takot at pinsalang dinanas namin noong bumaha ng Oct. 18, 2015 ng gabi, na sanhi ng pagmimina at paggiba ng kabundukan. Hindi ba maliwanag na paglabag sa karapatan namin na mabuhay nang payapa at hindi nangangamba sa aming kaligtasan. Kaya kung hindi kami kikilos ngayon, kailan pa? Kung hindi kami, sino pa ang aasahan"*.

Kung binigyan ng karapatan ng *Mining Act* at ng Mines and Geosciences Bureau (MGB) ang mga malalaking minahan na bungkalin at patagin ang kabundukan, wasakin ang kalikasan at hakutin ang yamang mineral, karapatan naman ng mamamayan sa kabilang banda na pangalagaan ito at ipagtanggol ang kanilang buhay at kabuhayan lalu na kung nanganganib nang mawasak ito bunga ng pinsalang dulot ng isang malawakan at mapanirang pagmimina.



*Lubog sa putik mula sa minahan ang mga sakahan at bakuran sa kalakhan ng Bayto at iba pang baranggay ng Sta Cruz (B.E. Molino)*

### *Kalagayan bago ang bagyong Lando*

Bago pa ang pagsalanta ng bagyong Lando sa norte ng Zambales (2011-2014), malawak na ang inabot na pinsala sa buhay at kabuhayan ng mamamayan ng pagmimina ng nikel. Tumambak at tinabunan ng *laterite sediment* na nagmula sa minahan ang sakahan, palaisdaan at pangisdaan. Apektado ang produksyon ng palay, mangga, palaisdaan at mga ilog at kalapit na *municipal waters.*



*Ang barikada ng mga mamamayan sa Bayto habang pinipigil ang pagpasok ng isang dump truck papasok sa minahan (B.E. Molino)*

Apektado ang mga pangunahing ilog tulad ng Ilog Alisaog, Panalabawan at Cabaluan. Apektado na ang *watershed* na inaasahan ng magsasaka sa kanilang patubig dahil pinagpuputol ang mga puno para ihanda ang bundok sa pagmimina. Napuno din ng pulang putik ang mga kanal-patubig.

Ayon sa *Environment Justice Atlas*, umabot sa Php 500,000,000 ang halaga ng pinsala sa kabuhayan ng mamamayan ng Sta Cruz, Zambales partikular sa produksyon ng bigas, carabao mango at pangisdaan bunga ng *strip mining* ng apat (4) na minahan (2014).

Marumi na ang hangin. Lumampas na sa dalawa hanggang tatlong beses sa *standard* ang *total suspended particles* nang ito ay sinukat. Araw-araw na nalalanghap ng mamamayan ang makapal na alikabok na gawa ng *mining haulers*. Lumaki ang bilang ng kaso ng pagkakasakit sa baga tulad ng *asthma* at *bronchitis* o pulmonya mula nang nag-*operate* ang pagmimina sa Sta Cruz at ng Candelaria.

Sa patuloy na pagtatambol ng mamamayan ng nagagawang pinsala at perwisyo sa buhay nila ng pagmimina, nuong July 15, 2014, nagbaba ang Department of Environment and Natural Resources/Mines and GeoSciences Bureau (DENR/MGB) ng *suspension order* (SO) sa operasyon ng apat (4) na minahan. Bago ito sinuspindi ang dalawang kumpanya ng pagmimina dahil sa *hauling*.

Sa isinagawang imbestigasyon ng ahensya, napatunayang gumamit ng strip mining ang nasabing apat (4) na minahan na naging sanhi ng malawakang pagtambak ng *laterite sediment* sa sapa at ilog na tumagos at sumira sa mga sakahan, palaisdaan at dalampasigan.

Pero kahit na sa ilalim pa ng suspension order (SO) ang apat na minahan, ang DENR R3 ay nag isyu ng Ore Transport Permit (OTP) sa 4 na kumpanya ng pagmimina (Dec. 3, 2014). Para daw mapabilis ang rehabilitasyon at pagbabayad sa mga nasalanta nitong sakahan at palaisdaan.

Dahil sa malakas na presyur mula sa malalaking minahan, naglabas ng Temporary Lifting Orders (TLO) ang MGB R3 (Peb. 10 at 20, 2015). Nakitaan daw ng substansyal na pagsunod ang mga minahan sa tinakdang kundisyon ng Suspension Order (SO) sa kanila. Sa TLO na ito ay binigyan lamang ng 90 na araw ang mga minahan para tuparin ang mga kundisyong tinakda ng SO.

Matapos ang anim na buwan (July 1, 2015), naglabas ng rekomendasyon ang team ng MGB-NO sa MGB R3 na panatilihin ang SO ng tatlong (3) *nickel mines* sa Zambales (LNL Archipelago Minerals Inc, Benguet Corp. Nickel Mines Inc., at Eramen Minerals Inc) habang hindi pa nito lubos na maisakatuparan ang mga kundisyon ng SO, tulad ng mga ss:

1) pagtatayo ng alternatibong daan para sa paghahakot ng mina;
2) paglutas ng di-umano'y (pinanindigang) pagkawasak ng baybaying dagat na ibinunga ng operasyon ng pagmimina;
3) buong kabayaran ng mga naghahabol para sa kumpensasyon ng mga nasirang palaisdaan at sakahan;
4) pangasiwaan ang Sediment Flux Monitoring;
5) pagpupuspos ng rehabilitasyon ng mga naapektuhang sistema ng mga ilog; at
6) progresibong rehabilitasyon ng nakatiwangwang na erya ng pagmimina para pakitunguhan ang usapin ng malawak na nakakaabalang erya ng pagmimina.

Nag apela ang CCOS laban sa pagtanggal ng suspension ng MGB sa BNMI at ZDMC (Sept 4, 2015). Hiniling ng apela na i-revoke ang order ng MGB dahil sinasabi nito na hindi pa rin na naisasagawa ng mga na suspindidong minahan ang mga kundisyong tinatakda ng SO. Bago ang apela, naghapag ang CCOS ng isang petition on mandamus at temporary restraining order sa Court of Appeals (June 9, 2015).

Umaksyon ang MGB batay sa rekomendasyon ni Gov. Hermogenes Ebdane ng Zambales. Nais ng MGB na tanggalin na ang SO na ginawad sa BNMI at ZDMC dahil sa may inabot nang MOA sa pagitan ng probinsya at ng dalawang minahan.

Kahit napatunayan na may malaking pananagutan ang apat na minahan sa pagkakasira ng mga ilog, sakahan, palaisdaan at ng baybaying dagat at ng kalsada, sa dulo, matapos ang maniobrang ginawa ng mga minahan, ang tagumpay na nakamit ng mamamayan ay nabalewala. Hindi na nga nila naisakatuparan ang kundisyon ng SO, natanggal pa nito mismo ang SO.

***Nang dumating ang Bagyong Lando***

Nang humagupit ang Bagyong Lando sa Zambales ( Oct. 18, 2015 ), nangyari na ang kinakatakot ng mga mamamayan ng Sta Cruz. Rumagasa ang kulay-dugong putik sa buong kabayanan at nagdulot ito ng pagbaha at pagkawasak ng kanilang kabuhayan at kabahayan.

Naapektuhan ang dalawampu't limang (25) barangay at 14,012 na pamilya (62,069 katao). Dahil sa tindi ng epekto at pinsala ay isinailalim sa *State of Calamity* ang Sta Cruz ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC).

Isinisisi pangunahin ng mga taga Sta. Cruz sa apat (4) na minahan ang kulay-dugong putik na dumaloy at rumagasa sa buong bayan na naminsala sa kanilang mga tahanan, kalsada, pananim at pangisdaan. May isa lamang na naireport na namatay sa Barangay Gama bunga ng pagkalunod. Pero sa tala ng CCOS, umabot sa pito (7) ang nasawi.

***Mining ponds o Settling ponds***



B.E. Molino

*Isinisisi pangunahin ng mga taga Sta. Cruz sa apat (4) na minahan ang kulay-dugong putik na dumaloy at rumagasa sa buong bayan na naminsala sa kanilang mga tahanan, kalsada, pananim at pangisdaan.*




*Si Maki Pulido ng GMA Reporters Notebook habang kapanayam sina Director Leo Jazareno ng Mines and Geosciences Bureau, at si Jo Ignacio ng Defend Zambales, kasama si Dr. Ben E. Molino ng CCOS (naka baseball cap at may hawak na camera).*

*Gamit ang batas, nagawa ng mga minahan na makasuhan ang mga mamamayang nagpuprotesta. At kahit pa napatunayan nang nakaperwisyo ang mga minahan sa buhay at kabuhayan ng mamamayan, nakakuha pa ang mga minahang ito ng seguridad at proteksyon mula sa PNP.*

Sa pagkasira ng *mining ponds* o *settling ponds* ng mga minahan nagmula ang kulay-dugong putik na humalo sa tubig-ulan na dumaloy sa mga ilog at sapa at naging sanhi ng pagbaha at pagtambak ng putik sa sakahan at palaisdaan hanggang umabot sa mga kabahayan. Ito ang pagdidiin ng mga mamamayan kung bakit naging malala ang inabot na pinsala ng halos ng buong bayan ng Sta. Cruz.

Pero manhid na kinontra ito ni Governor Ebdane nang disimpormasyon. Kaya raw bumaha ay dahil sa pagpapakawala ng sobrang tubig mula sa malalaking *dam* sa Northern Luzon.

Batay sa grabeng inabot na pinsala, humingi agad ng kagyatang imbestigasyon ang CCOS sa MGB para mapatunayan na *nickel laterite* ang kulay-dugong putik ang humalo sa ulan na lumatag sa buong bayan ng Sta. Cruz.

Isinagawa ng MGB ang kanilang imbestigasyon sa apat na minahan (Oct 23-25, 2015). Ngunit ayon sa namuno ng *investigation team* ng MGB, si Lope Carino, nakita nila na hindi nasira ang mga istruktura ng mga minahan tulad ng *mining ponds*, *silt traps* at mga kanal ng mga minahan.

Dahil dito, sinabi agad ng MGB na hindi galing sa minahan ang pulang putik na tumabon sa sakahan, kalsada at kabahayan na naging sanhi ng malalang pagbaha sa kalakhan ng barangay ng Sta Cruz nang sumalanta ang Bagyong Lando.

***Pagpapatuloy ng protesta patungong barikada***

Naging isang hudyat ang takot na bumabalot sa bawat pagbuhos ng ulan upang gisingin ang kanilang diwa at damdamin upang buong tapang ng harapin ang makapangyarihang kumpanya ng minahan na kumikitil sa kanilang karapatang mabuhay.

Hindi kumbinsido ang mamamayan sa naging resulta ng imbestigasyon ng MGB. Matapos ang Lando, nagpatuloy muli ang protesta ng mamamayan para maningil sa nagawang perwisyo ng mga minahan sa kanilang buhay. Pagdating ng Nobyembre 2015, may isang (1) libong mamamayan ng Sta Cruz ang naglunsad ng *protest rally* at hinihiling ang ganap na pagkansela ng mining permit ng apat (4) na minahan. Sinundan pa ito ng isa pang pagkilos sa araw ng karapatang pantao (Dec. 10, 2015).

Nang lumaon, tumugon ang *Provincial Board* ng Zambales sa protesta laban sa pagmimina. Sa isang espesyal na sesyon ng *Board* ng Dec. 22, 2015, inilabas nito ang isang *Board Resolution No. 2015-253* na nag-uutos ng *immediate moratorium* ng operasyon ng pagmimina sa munisipalidad ng Sta Cruz.

Tumirik ang barikada sa Bayto, Sta Cruz, Enero 19, 2016 at dinugtungan pa ito ng isa pang barikada sa Uacon, Candelaria nuong sumunod na buwan (Pebrero 28). Naparalisa nito ang paghahakot ng naminang nikel ng ZDMC at BNMI na ilulan sana sa mga pantalan ng dalawang malalaking minahan.

Sa inilunsad na barikada ng mga mamamayan, dala dala nito ang *moratorium resolution* ng




*Putik hanggang sa loob ng bakuran.*





Provincial Board pero hindi ito kinilala ng ZMDC at BNMI at opisyal ng kapulisan.

Nuong Pebrero 26, marahas na binuwag ng PNP-Sta. Cruz ang barikada sa Bayto, may apat (4) na dinampot at dalawa (2) ang kinulong (Luisa Serrano at Kristopher Marsan). Marami ang nasaktan sa hanay ng nagpuprotesta laluna sa hanay ng kababaihan. Tinulak, hinila at tinutukan sila ng armalite.


Liban dito kinasuhan ang walo (8) katao na, ayon sa Philippine National Police (PNP), lider daw ng nagbabarikada. Kinasuhan sina Dr. Molino, Municipal Councilor Zenaida Mayor, Brgy. Bayto Councilors Raul Ecleo at Louie Mirador, Brgy. Lucapon South Councilor Josephine Ignacio, Josephine Rivera Astradan, Salvador Cortez y Monsalud at Pastor Edgardo Obra ng paglabag sa Artikulo 153, 154 at 146 (Obstruction of Traffic/ Blocking of National Road) at Artikulo 146 (Illegal Assembly and Association) ng *Revised Penal Code.*

Sa pahayag ni Dr. Molino, may mga kinasuhan na wala naman sa pangyayari nang binuwag ng PNP Sta. Cruz ang barikada sa Bayto.

Sinundan din ito ng pagbuwag ng barikada ng Nagkakaisang Mamamayan ng Candelaria sa Uacon ng PNP Candelaria (Peb. 29, 2016). May 11 katao ang hinuli ng pulis at ang isa, si Charmy Jad Barrera ay kinasuhan ng Illegal Assembly. Samantala ang barikada sa Bayto ay muling itinayo ngunit muling binuwag nuong Marso 10, 2016.

Para hindi na maibalik ng mga mamamayan ang kanilang barikada, binantayan na ng mga pulis ang lugar kung saan sama-samang nagbarikada ang mamamayan ng Bayto sa Sta. Cruz at Uacon sa Candelaria sa Zambales. Nagmistulang security guard ng minahan ang mga pulis na nagbantay. Isinagawa nila ito upang matiyak na maging malaya ang ZDMC at BNMI sa patuloy




*Barikada sa Uacon (Marso 3, 2016) at ang rally ng mga mamamayan kontra-mina sa Iba, Zambales para obligahin ang provincial government na maglabas ng moratorium sa pagmimina sa probinsya(Disyembre 10, 2015).*

nitong paghahakot ng *nickel laterite* na kanilang namina.

Nagawa ng mga minahan na makasuhan ang mga mamamayang nagprotesta. At kahit pa napatunayan nang nakaperwisyo ang mga minahan sa buhay at kabuhayan ng mamamayan, nakakuha pa ang mga minahang ito ng seguridad mula sa PNP. At sa gitna ng pagtutol ng mamamayan sa pagmimina, nagamit ng mga minahan ang batas para makapaghakot ng *nickel laterite* papunta sa kanilang mga pantalan.

***Maliit lamang ang pakinabang sa pagmimina***

"Maliit ang kontribusyon ng pagmimina sa ekonomiya ng bansa. Ipatigil man ito, wala itong gaanong epekto sa ekonomiya.", ito ang pahayag ni Director Leo Nazareno ng MGB na isinipi mula sa programa ni Ted Failon sa DZMM (Mar 11, 2016).

Sa 2015 GDP ng Pilipinas, 0.7 na porsyento lamang ang naibahagi ng *mining industry.* Maliit lamang ito kumpara sa halaga ng kalikasang pinagmumulan ng buhay at kabuhayan ng mga mamamayan sa kanayunan na winasak ng mga malalaking minahan.



B.E. Molino

Maliit lang din ang kontribusyon sa *employment* ng industriya ng pagmimina, nasa 0.6 na porsyento lamang ito.

Mula nang ipinagbawal sa Indonesia ang pagpasok ng unprocessed mineral, ang Pilipinas na ang naging numero unong *supplier* ng nickel ore at concentrate sa China (2014). Pero bagsak ang presyo ng *nickel* bunga ng pagbagal ng ekonomya ng China at humina din ang pandaigdigang pangangailangan sa *stainless steel.*

Sa London Metal Exchange bumaba ang presyo ng *nickel* sa $7,550 (Feb. 11, 2016), pinakamababa mula 2003.

Sa katunayan, huminto ng operasyon, ang mga minero ng *nickel* sa Australia at Brazil. Naputol ang halos 33,000 tons ng suplay ng chromite at 105,000 tons na suplay ng nickel at nickel pig iron.

Dahil mababa ang halaga ng *nickel*, nagbabalak magbawas ng *ore output* ngayong taon ang mga kumpanya ng minahan ng *nickel* sa Pilipinas, ayon ito sa Philipppine Nickel Miners Association na may 27 kumpanya ng *nickle mines* ang kasapi.

Kaya nga, kahibangan ang nangyayari ngayon sa Zambales. Kung sa termino ng pagnenegosyo, patalo ang puhunan sa industriya ng pagmimina. Hindi nito kayang punuan o mapalitan man lang ang nawasak na kalikasan sa Sta Cruz at Candelaria na pinayagan ng gubyerno upang maitulak ang pagmimina.

Pangunahing sa China dinadala, para sa mga industriya nito ang *nickel laterite* na hinakot ng mga minahan. *Extraction* lamang ng mineral ang parte ng Pilipinas sa buong proseso ng industriya ng pagmimina. Ito ay hilaw na materyal na ine eksport para pagtubuan ng iilan.

Hindi ito magtutulak ng isang panlipunang debelopment. Lalo lamang maglalagay ito sa mga magsasaka at mangingisda sa ibayong paghihirap. Mawawala ang *pinagmumulan* ng kanilang kabuhayan dahil sinisira ng mga malalaking minahan ang pagiging produktibo ng kabundukan, sakahan at pangisdaan.

Apektado pati ang suplay ng bigas sa Zambales. R*ice granary* ng Zambales ang bayan ng Sta. Cruz. Malaking kabawasan ito sa produksyon ng bigas sa Zambales at maging sa buong bayan.

Kaysa tiyakin ang pagkain para sa lahat, para pawiin ang gutom ng kalakhan ng naghihirap na Pilipino at abutin ang kasaganaan, nakadisenyo ang pagmimina para sa eksport. Ito'y ekonomyang walang seguridad.

Mahalaga sanang sangkap ang mga mineral sa pag-iindustriyalisa, pagmomodernisa ng agrikultura at pagpapaunlad ng libre o murang serbisyong panlipunan. Pero nanganganib nang masagad ito at wala na para sa hinaharap. Pinayagan at protektado pa ng batas ang malawakang pagdambong ng likas na yaman.

Paano pa aabutin ang tunay na pag unlad?

Ang pakikibaka para sa kaligtasan ng buhay ay hindi lamang laban ng Zambalenyo. Hindi lamang ito laban ng sambayanang Pilipino kundi ng mamamayan ng buong mundo.***K***



# Sining at Kultura

## *Eleksyon*

ni Elmer Aresgado

Eleksyon na naman dito sa'ting bayan
Uso muli ang mga dayaan
Lantad ang vote-buying, goons at private armies'
At ambush sa mga hot spots na lugar

Hello! Hello Garci, muling mauulit
Lintang Bedol muli ay lilitaw
Bakbakan sa Luzon, Visayas, Mindanao;
Nakangising nakatanaw si Uncle Sam

Kanya-kanyang padron na burgis-kumprador
Kandidatong kultura ay manloko
Pangako sya doon, pangako nya dito
'pag nahalal tana'y mapapako

Ito'y laro ng mga trapo
Kayang bilhin ang iyong pagkatao
Makamit lamang ang iyong boto
Halik kay satanas ay gagawin ng mga pulitiko

Sa eleksyong Moro-moro lahat tayo ay talo
Ang tanong lang, hanggang kailan hahayang manatili ito?

2-2-10


Alex Uy


Alex Uy

## Takipsilim

ni Sarah Jane Espiritu

Sa dalampasigan kasama
Kung natatandaan mo pa
Sa banayad na hampas ng mga alon
Doo'y inanod tayo ng bawat simulain

Namulat, nakiisa at pumalaot
Batang isipan natin ay gumana sa pag-agos
Nagpundar ng malalim na relasyon sa masa
Hanggang sa tayo'y magpasya

Nagpatuloy sa pagkilos
Dumaloy ang ambag at pag-asa
Ngunit ngayo'y tila bumabaw
Takip-silim sayo'y sumalamin

Mula sa dating sigla
Nalunod ang yong isipan
At muling nagpaalam
Sayo'y palubog na ba ang araw?

Ang araw ng tinatanaw nating paglaya.

Ganunpaman kasama
Magpapatuloy kami sa pagsagwan ng mga tugon
Tandaan mo na hindi pansarili ang paggampan
Masaklaw ang mga usaping labas sayong suliranin

Panghawakan mo sana ang mga karanasan
Matuto kang tumanggap ng puna at kahinaan
Sakripisyo ang paglalayag natin hindi prebilehiyo
Sa kabilang banda ay mag-ingat ka

Matagpuan mo sana ang bukang liwayway
Ang agarang tagumpay na gusto mong makamtan
Sa pagdaong mo sa pampang.





*'Sang Minutong K'wento*

# EBOLUSYON

Ni Rene Bornilla

**P**ebrero 17, 2016, umaga pa lang ay ramdam na ang tensyon sa paligid. Sa itinakdang "*command post*" ng unyon sa isang sulok ng kantinang matatagpuan sa harap ng gusali ng kompanya ay samu't-sari ang mga alalahanin.

Pangunahin dito ang tungkol sa sitwasyon ng kaisipan ng mga manggagawang boboto sa araw na iyon upang pagpasyahan kung gusto ba nila ang isang UNYON upang katawanin sila sa loob ng pagawaan o hindi. Ikalawa ay ang mga maari pang gawin ng manedsment sa maghapong lilipas habang ginaganap ang eleksyon, dahil sa ipinamalas nitong garapalang mga hakbang laban sa unyon nitong nakalipas na ilang linggo ng kampanyahan.

Ang alalahanin ay bunga ng mahigpit na kampanya ng manedsment, na ginawa ang lahat ng paraan at porma ng mga iligal na aktibidad upang mapigilan ang mga manggagawa sa pagsusulong ng karapatan nito sa pag-u-unyon.

Ginamit nito ang mga *line leaders* at *supervisors* na hayagang nangampanya upang siraan ang unyon na diumano ay "nagpapasara ng mga kompanya", at "pagsasara din ang tutunguhin kung mananalo ang unyon sa gaganaping eleksyon". At kahit mismo ang mga pinuno ng kanilang HR ay ganun ang linya ng mga pananakot sa mga manggagawang selektibong ipinatawag upang kausapin.

Ang mga hakbanging ito ng kompanya ay tinumbasan ng unyon ng isang seryosong



Alex Uy

kampanya upang mag-eduka at ipabatid ang kahalagahan ng pagkakaroon ng isang samahang itinatag, pinamumunuan at pinatatakbo ng mga manggagawa na nagsusulong ng kagalingan ng mga manggagawa at malaya sa kontrol ng kapitalista. Pinayapa rin ang isipan ng mga nahintakutan sa mga pagbabanta ng kompanya na diumano ay isasara ang planta kung mananalo ang unyon sa eleksyon. Sa isang banda ay kinondisyon ang mga isipan sa reyalidad ng maaaring pagsidhi pa ng mga panggigipit habang papalapit ang eleksyon, ngunit pansamantala lamang ito at sa huli ay tutungo rin sa pagnonormalisa ng sitwasyon, kung mananalo ang unyon sa eleksyon.




Sa kabila ng garapalang istilo ng atake ng kalaban ay maginoong tumindig at nagtanggol ang unyon. Direktang inilahad ang mga plataporma at mga panghinaharap nitong plano na hindi lamang humahangga sa mga regular na manggagawa kundi maging sa mga manggagawang kontraktwal na halos bumubuo ng animnapung porsyento ng buong populasyon ng planta. May kahinahunang sinagot ang mga isyu at hindi pumatol sa maruming istilo ng kabila.

Subaybay ng kompanya ang tinakbo ng kampanya ng unyon. Kaya nga noong umagang iyon ng eleksyon ay bakas din ang tensyon sa kabilang kampo. Sila man ay di makatiyak sa kalalabasan ng botohan sa araw na iyon. Tanaw mula sa *command post* ng unyon ang kaabalahan sa loob ng planta na kung saan ay tila pusang hindi maihi si Madam na pabalik-balik mula sa tanggapan ng HR at lugar ng training room kung saan gaganapin ang eleksyon. Hindi man dinig sa lugar ng *command post* ang kanilang mga usapan ay malinaw sa kilos ni Madam na nagbibigay ito ng instruksyon sa kanyang mga alagad na tulad niya ay labis rin sa pagiging abala. Hindi normal ang ikinilos ng manedsment sa umagang iyon. Sa isang *certification election* kasi ay ipinagbabawal ng batas ang direktang pakikialam ng manedsment, kaya nga ayon din sa batas ay *"by-stander"* lamang sila sa mga ganitong aktibidad ng mga manggagawa.

Isa sa mga pinakaabala ay si Pekto, na bagama't nasa kategorya ng isang simpling manggagawa lamang ay kakaiba ang papel nito noong umagang iyon. Tanaw mula sa *command post* ng unyon ang pagiging abala nito sa pag ikot-ikot sa loob ng planta, pagkausap sa mga 'bisor at maging sa mga guwardiya, na animo ay mas mataas ang katungkulan sa mga nabanggit.

Kung babalikan ang kasaysayan, sa mas maagang panahon o noong Pebrero 24, 2015 ay pormal na ipina-rehistro ng kompanya sa DOLE ang isang konsehong binubuo ng tig-tatlong representante mula sa kompanya at sa hanay ng mga manggagawa, upang *maging* daluyan diumano ng mga programa ng kompanya at isyu ng mga manggagawa tungo sa isang istableng relasyon. Pangunahin si Pekto sa representante ng mga manggagawa sa konsehong ito na taliwas sa inasahan ng mga manggagawa na magiging daluyan ng kanilang mga hinaing, ay ginamit pang instrumento ng kompanya sa isinagawa nitong kampanya laban sa unyon. Sa maraming pagkakataon ay ang representate nilang si Pekto mismo ang nanguna sa mga pulong ng mga manggagawa na pinayagan ng manedsment na maganap sa loob ng planta at kung saan tinalakay ang paninira sa unyon at ang bantang pagsasara kung mananalo ito.

Noong umaga ngang iyon ng Pebrero 17, 2016 ay tanaw ng mga manggagawang nasa *command post* ang pagiging abala ni Pekto. At dahil alam nila ang naging papel nito sa nagdaang ilang linggo sa panig ng kompanya ay hindi na nila ito ikinagulat. Ang inis nila sa kasamahang pumakabilang-bakod ay idinaan na lang sa biruang naghatid ng halakhak sa bawat isa.

*"Dati ay 'buwaya' lang 'yan noong isang araw, ang bilis naman yata at 'dinosaur' na s'ya ngayon."*- ang sarkastikong komento ng isa.

*"Tama lang yan na samantalahin n'ya ang pagiging prinsipe ngayong araw na ito. Dahil pag lumipas ang gamit sa kanya nila Madam ay babalik 'yan sa pagiging alipin bukas!"*- ang mas malupit na deskripsyon ng isa pa.

*"HA, ha, ha, ebolusyon ang tawag d'yan, parang 'yung tao daw ay galing sa unggoy. Wala nga lang balimbing sa lahi ng mga unggoy."*- habol ng isa pa.

Ang eleksyon ay nairaos. Bandang ika 4:00 ng hapon habang nag-uumpisa ang bilangan ay kakaiba ang katahimikan ng paligid. Kahit ang hangin at tila ba tumigil sa pag-ihip dahil sa alinsangang hatid ng papalubog na araw.

Sa *command post* ay natanggap na ang isang *text message* mula sa kasamang nasa loob ng "presinto" ilang minuto lang ang nakaraan





*"Tunay ngang sa labanan ng prinsipyo at sikmura ay madalas manaig ang huli. Ngunit hindi nito dapat magapi ang patuloy na paghahangad ng paglaya."*

matapos umpisahan ang bilangan na nagsasabing nakakalamang ang manedsment.

Ito ay kinumpirma nang magsimula ang sigawan ng mga manggagawang kontraktwal na nasa *building #3* na kinalalagyan ng mga taga-suporta ng "NO", at katapat lamang ng *building #4* na kinalalagyan naman ng mga taga-suporta ng unyon. Maya-maya pa ay tuluyan nang luminaw kung sino ang nanalo dahil naglabasan na sa pasilyo ng bawat palapag ng *building #3* ang mga manggagawa, na sa bibihirang pagkakataon tulad niyon ay hindi sinaway ng manedsment sa pagtigil sa kanilang mga gawain.

Ilang sandali ay makikita si Madam na halos patakbong naglalakad mula sa dako ng *training room* patungo sa *building #3* at itinataas-baba ang mga kamay na tila ipinag-uutos na lakasan pa ang sigawan. Dahil dito ay lalong dumagundong ang sigawan ng mga kontraktwal at ilang regular, na may kasamang sigawan ng "boo" at ipinapatungkol sa mga manggagawang taga-suporta ng unyon na nasa katapat na *building*, habang sa *centralized* na *speaker* ay nakatodo ang *volume* at kinakanta ang kantang *"We Are The Champion"* ng bandang *QUEEN*.

Sa *command post* ng unyon ay kalmadong tinanggap ang pagkatalo at inisyal itong trinato bilang pansamantalang pagkabalam sa gawaing pag-u-unyon. Agad na ipinakita sa mga kasaping nandoon ang mga bahagi ng pagkukulang na dapat mapunuan sa susunod na isang taon kung saan maaring magsampa ang unyon ng isang petisyon upang muling idaos ang isang eleksyon.

May isang hindi maitago ang inis at nadala ng emosyon- *"Kung may kapangyarihan lang ako ay paguguhuin ko ang building na ito…"*, habang itinuturo ang *building #3* ng parang pista pa rin ang atmospera.

*"Ang katatapos na labanan ay sa pagitan lamang sa dalawang uri- ang manggagawa at kapitalista. Ang mga nasa loob ng building na iyan ay mga kauri natin, na kailangang kakampihin at kaisahin para sa susunod na labanan. Kinulang tayo at hindi inabot ng edukasyon ang mga 'yan kaya't hindi dapat sa kanila ang puna at sisi.*

*Hayaan n'yo at bukas o sa makalawa lang ay ibubulgar mismo ng mga susunod na aksyon ng manedsment sa mga nabubulagang mga yan ang reyalidad na sila ay mga manggagawang sahuran pa rin na alipin ng kapitalista sa loob ng mga panahong bayad ang mga oras nila upang magtrabaho sa loob ng planta. At sa dulo ay ang pagkakaroon lamang ng pinag-isang tinig at lakas ng mga manggagawa ang solusyon sa lahat ng problemang ito."*- ang pamamayapa ko sa kanila.

Tulad ng kasabihang kumakalma muna ang paligid bago ang isang unos ay pinalipas muna ang isang araw na tahimik sa loob ng planta matapos ang eleksyon, bago ipinatupad ang labis na paghihigpit sa mga manggagawa. Sa mumunting problema ay agad ang paghingi nila ng *incident report* (IR) at *notice to explain* (NTE) sa mga mganggagawa, at walang pinipili kung unyunista ka man o hindi.

Ang kalamangan lamang ng mga unyunista ay handa sila at tanggap ang reyalidad na magaganap ang mga ito. At kampante sila dahil alam nilang may isang rehistradong unyon na handang magtanggol sa kanila kung lalabis sa hangganan ng batas ang mga ginagawa ng kompanya.

Ang mga unyunista ay taas-noong hinarap ang mga pagpapahirap at muling nag-iipon ng init sa dibdib at ng mga dahilan ng katumpakan ng ginawang pagbubuo ng isang unyon. Ang iba ay may panghihinayang kung bakit kumurap sila sa huling sandali bago ang eleksyon. Ang karamihan ay tahimik na ninamnam ang naging bunga ng kanilang mga maling kinampihan. Samantalang ang "buwayang" naging "dinosaur" sa loob lamang ng isang araw ay bumalik na sa pagiging "bubuli" sa *cutting department*.



Tunay ngang sa labanan ng prinsipyo at sikmura ay madalas manaig ang huli. Ngunit hindi nito dapat magapi ang patuloy na paghahangad ng paglaya. Edukasyon pa rin ang pangunahing susi upang lumawak ang mulat na seksyon sa loob ng pagawaan. Dahil sa katulad na kompanya kung saan bahagi na ng pang araw-araw na buhay ng mga manggagawa ang masinghalan ng mga line leaders at mga 'bisor upang paspasan pa lalo ang produksyon sa kabila halos kalabaw na ang kanilang pagtatrabaho, ay laging hinog sa pag aalsa ang sitwasyon. ***K***

*Jovito 'Ka Jovy' Salonga, 1920 – 2016:*

## Pamana ng Hiyas mong Buhay Ay Lantay na Pagkamakabayan

*Isang Tula ng Paggunita at Pagpupugay*

***Sa lusak nagniningning ang tunay na hiyas.***

Sa putikang pulitika ng patronahe
At hindi ng plataporma,
Ng personalidad at yaman
Maging paggamit ng dahas
At tandisang pamamaslang
Sa agawan sa kapangyarihan
Upang mangulimbat sa kabangbayan,
Kislap ng lantay na ginto
Ang makabayan mong pulitika
At katapatan sa paglilingkod;
Makapangyarihang talas at kinang
Kaysa *guns, goons & gold*
At inani mo ang mandato
Bilang pangunahing mambabatas.

Sa panahon ng ligalig at panganib
At dahas ng batas ng armas,
Diyamante kang tatag at kinang
Na di-nagawang sikilin at basagin
Ng piitan at mga dikreto ng diktador.

Sa iyong pamumuno sa Senado
Matapos ang pag-aalsang Edsa,
Pinatalsik ng Sandosenang Magiging
Ang mga base militar ng Amerika
Para sa ganap na kasarinlan at soberanya
Ng bayan at mga mamamayan.

Sa duguang putikang pulitika
Ng patronahe at mga dinastiyang pulitikal
Na pugad ng katiwalian at pandarambong
At naglulugmok sa masa sa hirap at gutom.
Hindi maililibing sa limot,
Manapa'y patuloy na uukilkil at uusig
Sa mga huwad at baluktot na mga pinuno,
Ang maningning na aral
Ng buhay mong hiyas
Na ang makinang na ubod at buod
Ay ang walang-kamatayan mong pagmamahal
Sa Tinubuang Lupa.

***

Ni *LBDC*, para sa *KILUSAN*




www.inquirer.net





# Jovito R. Salonga:

## Katangi-tanging Statesman na Kahanay nina Claro M. Recto, Jose W. Diokno at Lorenzo Tañada

"Ang kasarinlan, gaya ng kalayaan, ay hindi kusang ibinibigay. Lagi itong pinaninindigan (affirmed) at ipinaglalaban" – *J.R. Salonga, The Senate that Said No.*

Isang natatanging lider sa kasaysayan ng bayan ang namayapa nang si dating Senate President Jovito Salonga. Napakadalang na ng kanyang tipo sa kasalukuyang henerasyon ng "public servants." Kasama nina Claro M. Recto, Lorenzo Tañada at Jose W. Diokno, lumitaw si Jovy Salonga sa yugto ng kasaysayan na ang pakikikibaka para sa pambansang identidad, tunay na demokrasya at soberanya ay matalas na binibigyan ng kahulugan sa daigdig ng mga bansa.

Maagang mga taon matapos ang World War II at matapos pagkalooban ng "kasarinlan" ang Pilipinas, nakiisa ang bata pang abugado at edukador na si Jovy sa mga aktibista sa para igiit ang tunay na kasarinlan at labanan ang "parity rigths" at iba pang pabor na ibinibigay sa US ng mga maka-isang panig na kasunduan na nagpapanatili sa kolonyal na tanikala sa bagong Republika ng Pilipinas.

Gaya ni Claro M. Recto at Lorenzo Tañada na nauna nang ilang taon sa kanila, isinulong nina Salonga at Diokno sa larangang parlamentaryo ang pakikibaka para sa tunay na kasarinlan at soberanya. Kahit pa baguhan lamang sa Senado, sinalungat ni Salonga ang pagsangkot ng Pilipinas sa Vietnam War at ang iba pang mga akto ng pangangayupapa ng gubyerno ng Pilipinas sa US nuong 1966.

Muntik nang malagot ang buhay at paglilingkod ni Salonga nang bombahin ang proklamasyon ng mga kandidatong senador ng Liberal Party nuong 1971. Gayunman, natuloy ang eleksyon at gaya nang una siyang kumandidato, nakuha ni Salonga ang pinakamalaking bilang ng boto. Subalit idineklara ni Ferdinand Marcos Sr. ang Batas Militar at nilusaw ang Kongreso nang sumunod na taon.

Tulad nina Diokno, Tañada at iba pang progresibo at demokratikong abugado, hindi nahadlangan si Salonga kahit ng pagkakapiit para patuloy na magbigay ng serbisyong legal sa maraming naging biktima ng diktadurang Marcos. Nang mapatalsik ang diktadura nuong 1986, nagsilbi si Salonga nang maikling panahon bilang pinuno ng bagong tatag na Presidential Commission on Good Governance (PCGG) na ang tungkulin ay hanapin at bawiin ang yamang ninakaw ng mga Marcos sa mamamayan.

Muling tumakbo para sa Senado si Jovy nuong 1987. Nanguna siya sa bilangan sa ikatlong pagkakataon. Siya ang naging Senate President. Sa yugtong ito ng buhay pulitikal ni Salonga naganap ang isang signipikanteng tagumpay para sa paggigiit sa soberanya ng bayan. Pinamunuan ni Salonga ang 11 pang senador para tanggihan ang bagong US-RP Military Bases Agreement.

Hanggang sa huli, nanatili si Jovito Salonga sa landas ng pakikibaka para igiit ang kalayaan at soberanya ng bayan. Isinasalin niya ngayon ang paglalakbay na ito sa bawat bagong henerasyon para ituloy at ganap na ipagtagumpay (Kilusan).***K***



*August 21, 197. Ang mga Liberal Party Senators habang naghihintay ngt pagkakataong magtalumpati sa Plaza Miranda, bago ang pag-bomba. Kabilang dito sina Jovito Salonga (gitna), kasunod sina Sergio Osmeña Jr Ramon Bagatsing,at Gerardo Roxas (Larawan Gerry Roxas Foundation)*

# Kapasyahan ng Isang Manggagawa

*(Sa Ala-ala ni Ka Roger Cubar, 60)*

Nang ipasya mo sa sarili
Na ang paggawa at paglaya—
Ugat at dugo ng lahat
Ng iyong pananalig at paniniwala,
Ay hindi dapat mapiit
Sa lungga ng mina't dingding ng pabrika,
Ni di dapat mabakuran ng agam-agam,
O mahadlangan ng paniniil,
Naglayag ka't kinilala ang daigdig,
Walang pagdadalawang-isip
Walang malawak na distansya't
Kinatakutang panganib—
Para mulat na isanib:
Ang kinagisnang ungol ng produksyon
Sa ingit ng kariton at barung-barong
Ng kapwa mo anakpawis;
Ang mga kable at turnilyo
Sa  mga liha ng bubong ng palengke,
Kisaw ng kalsada, planta at eskwela;
Ang mga tubo at granahe,
Sa puluhan ng palakol
At manibela ng bagon;
At ang buton ng transmisyon
Sa tatag ng bisyon
Ng kilusang kasama kang sumusulong.
Sa umiinog na tunggalian sa paglikha't
Pag-angkin sa yaman ng daigdig,
Kapwa anakpawis silang katagpo mo
Kasamang nagpapaandar sa makina
Ng paghihimagsik,
Tungo sa mithing kasarinlan
At sa makauring  paglaya
Ng manggagawang saklot
Ng malupit na kapital

R. Faustino
Marso 28, 2016



Alex Uy

# Si *Ka Roger*, Mula sa Uring Manggagawa

Taga Mantayupan, Barili, Cebu si Kasamang Roger. Nagsimula siyang mamulat at kumilos bilang aktibistang manggagawa sa Atlas Mining Company kung saan siya nagtatrabaho nuong 1982.  Malaking minahan ng tanso sa Toledo City, Cebu ang Atlas Mining.

Panahon iyon ng Diktadurang Marcos at bawal ang unyon at welga. Maagang lumitaw ang kasanayan ni Ka Roger sa gawaing masa.  Isa siya sa mga nanguna sa pagbubuo ng unyon ng mga manggagawa sa Atlas. Naitayo nila ang Panaghiusa sa Pamumuo sa Atlas (PAMA) na nasa ilalim ng (Southern Philippine Federation of Labor (SPFL) noong 1984. Naging miyembro siya ng *executive committee* nito bilang secretary.

Pumutok ang unang welga ng mga manggagawa nuong 1986.  Isa si Ka Roger sa pinaghahanap ng binuong mga *vigilante* ng *management*. Napwersang magtago si Ka Roger pero patuloy siyang nag-oorganisa. Mula sa gawin sa hanay ng manggagawa, tumawid ang kanyang gawaing pag-oorganisa sa iba pang mga sektor sa Cebu.

Makaraan ang ilang taong pagkilos sa Cebu, hindi siya nag-atubiling malipat ng erya ng pagkilos, sa Baguio City. Napaunlad pa niya ang kanyang estilo at pamamaran sa pag-oorganisa nang umpisahan niyang umugnay at magpukaw sa mga mamamayan mula sa Kabisayaan na naninirahan sa syudad na ito at sa karatig na mga bayan. Sa gayon, naka-ugnay rin siya at ang Kilusan sa mga mamamayang taal sa lugar at gayundin sa mga nagmula sa iba pang mga probinsya.

Bukod sa mapamaraan sa gawaing masa, si Ka Roger ay bihasa sa praktikal na buhay. Hindi siya nauubusan ng gagawin, mula sa gawaing-bahay hanggang sa iba pang tungkulin sa pag-alalay sa mga kasama, kapamilya, kaibigan o sinumang makatwirang tulungan.

Namatay si Ka Roger, Marso 26, 2016, labing walong araw makaraan ang ika-60 niyang kaarawan dahil sa atake sa puso. *K*



Alex Uy

## *Para kay Kasamang Sarah*

Ni Berlin Eranista

Tulad mo'y bulaklak
sa garden ng Eden

Ang halimuyak mo
ay aking napansin

Sa sandaling oras
na ika'y nakapiling

Laging ala-ala
hahanap-hanapin

Ang katangian mo
na tanglaw,

Rosas ng Digma
Sa bayang aking ginigiliw.

## *Ang Uhaw Ko*

Jayson Tayag

Nakapapaso ang hanging
Humahampas sa balat,
Sumasampal sa mukha.

Ang init na ng mundo!
Halos mapuno na ng tao,
Ng mga sasakyan at pag-unlad
Gatong ang kusilba at posil.
Kulob.
Ay, karbon dayoksayd.

Tila sinasangag ang talampakan
Sa loob ng gomang suwelas
At priksyon sa aspaltadong syudad
Na sumasabay ang pagtaas
Sa lebel ng tubig sa dagat.

Anong makinarya ang armas
Ng gobyerno,
Ng mamamayan ng Pilipinas
Sa lumalalang tagtuyot?
Umaangi na ang rayot.
Sinong politiko ang makapangangako
Ng patenteng solusyon
Sa muling banta ng taglunod?

Nauhaw ako,
Naghanap ng maiinom,
Naghahanap ako ng puno
Kung saan gusto kong sumilong.

Ang natanaw ko'y mga bata
Nanggigitata sa pawis.
Labinlima,
Dalwampung taon
Mula ngayon,
Anong daigdig
Ang matitira sa kanila?

Wala na . . .

Puro na lamang pangamba.

April 3, 2016



*www.themanilaurbanite.com*

Alex Uy





# Tanggalan
## ng mga Manggagawa sa Middle East

Ni Melissa Gracia Lanuza

Kung takot ang maraming tao sa mundo sa mga balitang may mga terorista sa kanilang lugar, ibang takot naman ang nilikha sa mga Pilipino ng mainit na mga balita nuong unang kwarto ng taon tungkol sa overseas Filipino workers (OFW) sa West Asia (Middle East).

Nabahala ang maraming mga pamilyang Pilipino sa kahulugan ng balitang ganito, "Tatlong milyong OFW sa Middle East. mawawalan ng trabaho kung patuloy na babagsak ang presyo ng langis." Magugutom ang kanilang mga pamilya. Matitigil ang pag-aaral ng maraming bata. Hindi lang ang mga pamilyang may OFW sa rehiyong nabanggit ang malalagay sa alanganin. Apektado ang kabuhayan ng buong Pilipinas.

**Ang langis at ang trabaho sa West Asia**

Bagamat iba't ibang trabaho ang pinapasukan ngayon ng mga manggagawa sa West Asia, mahigpit na kaugnay ng produksyon ng langis at negosyo nito ang pagdami ng mga manggagawa, partikular ng mga OFW sa nasabing lugar.

Sa unang hati ng ika-20 siglo, nadiskubre ang langis sa ilang bayan ng West Asia: sa hilagang kanlurang kabundukan ng Persia (Iraq ngayon) nuong 1908; sa Kirkuk sa Iraq nuong 1927, sa



*Pagdating sa NAIA ng mga OFWs na naipit sa kaguluhan sa Libya (MB file photo)*

*Pinalubha pa ang problemang ito sa pinansya ng ilang bayang prodyuser ng langis ng pagkakasangkot nila sa gera at destabilisasyong pinangungunahan ng US.*




Bahrain nuong 1932, sa Kuwait nuong 1934 at sa Damman, Saudi Arabia nuong 1938.

Mabilis na binago ng langis ang buhay at kabuhayan sa mga bayang ito ng langis. Lalo pang pinabils ang paglalatag ng mga impraistruktura at paghahanap ng mga bagong *oil fields* sa mga bayang nabanggit at sa iba pang bayan sa West Asia at Africa lalo na matapos ang ikalawang digmang pandaigdig. Naging ikalawang prodyuser ng langis ang Saudi Arabia, sunod sa US. Lima sa mga pinakamalaking prodyuser ng langis sa daigdig ay mga bayan ng Middle East.

Pero ang pagdagsa ng mga manggagawa mula sa iba't ibang panig ng Asia at Africa sa West Asia ay nangyari nuong 1970s laluna matapos ang Yom Kippur War o Israeli-Arabian War nuong Oktubre 6-21, 1973. Nagpasya ang mga bayang Arabo na magkaruon ng oil embargo o hindi bibentahan ang US ng langis dahil sa pagsuporta nito sa Israel sa gera. Isinama na rin sa embargo ang iba pang industriyalisadong bayang malaki ang pangangailangan ng langis na kaalyado ng US tulad ng Canada, Japan, The Netherlands at UK. Inihabol pa ang Portugal, Rhodesia (Mozambique) at South Africa.

Nag-*panic* ang mga bayang ito habang itinago ng US na malaki pa rin ang nakatabing langis nito. Nalikha ang malaking pangangailangan sa langis at sumirit ang presyo (umabot ng $34 bawat bariles na katumbas na ng $101 sa kasalukuyan). Bumenta at tumubo nang husto rito ang Gulf countries na lalong nagbigay dito ng yaman at kapangyarihan.



*Graphics: Alyssa Arizabal(rappler.com)*

Ito ang nagtulak sa higit na paglawak ng oportunidad sa trabaho sa West Asia lalo na sa Saudi Arabia. Kinailangan nilang gumawa ng maraming kalsada, *ports* at *airports* para sa transportasyon ng tao at produkto. Kinailangan nilang gumawa ng *oil wells*, bagong *pipelines*, *offshore platforms* at *oil rigs*. Kinailangan ang mga mas maraming oil tankers. At kinailangang magtayo ng mga tirahan ng mga manggagawa, at mga gusali para sa mga opisina at bangko. Lalo pang tumaas ang ekonomya ng gitnang silangan at kinailangan ang mas modernong mga tirahan, mas maraming *doctors, dentists* at *nurses*, at maraming *shops, drivers, caregiver*, at *shopkeepers.*

Nagbunga rin ng ibang kaisipan sa hanay ng mga Arabo ang pag-unlad ng ekonomyang nakasandal sa langis. Marami nang kabataan ang ayaw nang magtrabaho ng gawaing mahirap, mabusisi, marumi o mabigat at inasa na ito sa mga manggagawang galing sa mahihirap na bayan tulad ng Pilipinas, Indonesia, at Pakistan. Hindi na lang mga inhenyero, *nurses* at *construction workers* ang nagpuntahan sa Middle East kundi mga labandera, *waitresses, housekeepers, janitors,* taga-manicure, tagagupit.

**Ang labor export policy ng Pilipnas**

Sa Pilipinas naman, mula 1975, ipinatupad ng diktador na Ferdinand Marcos ang Development Diplomacy. Patakaran ito para maibsan ang problema ng unemployment. Hakbangin din ito para mabawasan ang mga taong nagrerebelde sa Pilipinas.

Walang gasinong pagbabago sa patakaran ng pag-i-export ng mga manggagawa ang bawat administrasyon sa Pilipinas. Taun-taon, liban nuong 2014, paparami ang pinapadalang mga manggagawa sa labas ng Pilipinas, lalo na sa North America, West Asia, Southeast at East Asia ang pangunahing paraan para manatiling humihinga ang ekonomya ng Pilipinas. Ayon sa National Economic and Development Authority nuong 2012, hindi kayang tumindig ng Piliinas nang wala ang padalang pera ng mga OFW. Umabot ng halos $24 billion (P1,178 trilyon) ang padala ng mga OFW nuong 2014. Sa unang pitong buwan ng 2015, $16.21 bilyon o P764 bilyon.

Sa nakalipas na limang taon, Saudi Arabia ang nangungunang destinasyon ng OFW, pumapangalawa ang United Arab Emirates, pangatlo at pang apat ang Hongkong at Singapore, pang lima ang Qatar at pang-anim ang Kuwait.

**Ang problema sa presyo ng langis**

Nagsimulang bumaba ang presyo ng langis sa pamilihang pandaigdig nuong Hunyo 2014. Malaking dahilan nito ang paglaki ng produksyon ng *shale oil* na umabot ng apat na milyong bariles bawat araw mula pa nuong 2008.

Mula sa presyong $107/ bariles sa umpisa, naging $60 ito sa ikalawang hati ng Disyembre 2014 at nakailang ulit pang bumaba hanggang sa pinakamababang $28 /bariles.

Ipinalagay ng marami at kinumpirma nina US Assistant-Secretary of State Victoria Nuland at US Assistant-Secretary of the Treasury Daniel Glaser sa imbestigasyon ng Foreign Affairs Committee ng US House of Representatives, Mayo 2014 na kasama ang iba pang *economic sanctions*, pakana ng US ang pagpapababa ng presyo ng langis para pahinain ang Russia at palitan si President Vladimir Putin ng isang tulad ng presidente ng Ukraine na sunud-sunuran sa US. Pero hindi lang Russia ang umangal.

Grabeng apektado ang ekonomya at buhay ng mga tao sa mga bayang prodyuser ng langis sa West Asia at Africa. Sa Saudi Arabia, halimbawa nakaasa ang estado sa langis para sa 80% ng badyet Binubuo ang 45% ng GDP mula sa kita nito sa langis. Inaasahang aabot ng kulang-kulang sa $100 bilyon ang *budget deficit* nito ngayong 2016.

*Kabilang sa mga patakarang panlabas ng US ngayon ang pagsasangkot sa mga alyado sa mga gera/ interbensyong militar na isinusulong nito.*

*Sa larawang ito na kuha nuong Agosto 3, 2015, nakikita ang pagtitipon ng mga pwersang suportado ng Saudi Arabia habang naghahanda sa kanilang pagsalakay laban sa mga Shiite sa Al-Anad base malapit sa Aden sa probinsya ng Lahej,Yemen (voanews.com)*



Bumaba na ang *foreign reserves* nito sa $640 bilyon nuong isang taon mula sa $737 nuong 2014. Malawakan nang nagtanggal ng mga manggagawa sa minimum na tatlong kumpanyang matagal nang hindi nakababayad ng sahod sa mga manggagawa.

**Instabilidad at gera**

Pinalubha pa ang problemang ito sa pinansya ng ilang bayang prodyuser ng langis ng pagkakasangkot nila sa gera at destabilisasyong pinangungunahan ng US.

Kabilang sa mga patakarang panlabas ng US ngayon ang pagsasangkot sa mga alyado sa mga gera/interbensyong militar na isinusulong nito. Bahagi ito ng kanyang estratehiya sa panahong maliit ang pondong mailalaan ng US kaya ginagawa niyang paggastusin ang kanyang mga alyado sa kanyang gera pero ipinaaako ring kanila. Hinihikayat din ang mga alyado ng US na pumwesto sa unahan ng labanan habang isinasagawa ng US ang "pangunguna mula sa likuran" (leadership from behind).

Alinsunod dito, at dahil din sa sariling interes geopulitikal ng Saudi Arabia at iba pang bayan sa West Asia, mahaba-haba na rin ang pagkakasangkot nila sa mga gera sa Iraq, Libya at Syria. Mula Marso 2015, Saudi Arabia ang nakaprontera sa Gulf coalition sa paglunsad ng digmang pananalakay sa ngalan ng pagpuksa sa Houthi rebels, pagparusa sa gubyernong Saleh, at pagbakod sa Iran.

Kalahok sa paggera sa Yemen ang Morocco, UAE, Kuwait, Bahrain, Jordan, Qatar, Pakistan, Egypt, Sudan, at mismong Saudi Arabia.

Malaki ang ginagastusan ng mga bayang itong mayaman sa langis sa mga gera sa West Asia.

*Wala pa man ang maramihang pagtatanggal at pagpapauwi ng mga OFW, dapat seryosohin ang paghahanda lalo't sa panahong itong naging bahagi na ang religious extremism sa mga instrumento ng digmaan ng US, lalong lumalaki ang panganib na abutin digmaan ang mga lugar ng OFWs.*



*OFW sa konstruksyon sa Middle East (internet photo)*

Naging ikatlong pinakamalaking gumastos sa militar ang Saudi Arabia sa daigdig sa gastos nitong US$ 87.2 bilyon. Ginastusan nito ang gera sa Yemen ng karagdagang US$5.7 bilyon. Sa katunayan, tinaya na ng IMF na malulubog sa utang ang Saudi Arabia sa loob ng limang taon.

**Pangingibabaw sa Problema ng West Asia at ng mga manggagawa**

Seryosong hinaharap ng Saudi Arabia at iba pang bayang prodyuser ng langis ang lumalaking problemang nakakaapekto sa kanilang ekonomya. Pinagpaplanuhan na nila kung paano makakaalis sa halos solong pagsalig sa langis. Nakalatag na ang mga hakbanging tulad ng pagpi-pribatisa ng 5.0% ng Saudi Aramco, pagpapapasok ng maraming dayuhang mamumuhunan, pagpapalago ng turismo at pagpapasa sa mga lokal na kabataan ng ilang gawaing dayuhan para makatipid sa gastos sa pasahod.

Wala pa man ang maramihang pagtatanggal at pagpapauwi ng mga OFW, dapat seryosohin ang paghahanda lalo't sa panahong itong naging bahagi na ang *religious extremism* sa mga instrumento ng digmaan ng US, lalong lumalaki ang panganib na abutin ng apoy ng digmaan ang mga lugar ng OFWs.

Malaking tulong sa kabuhayan ng Pilipinas ang pinaghirapan ng mga OFW. Pero, hindi man ipagbawal ang pangingibang bayan, dapat na pangunahing pinagpaplanuhan at ginagawan ng kongkretong hakbangin ng pamahalaan ang pagtatatag ng ekonomyang higit na makakasalo sa lumalaking lakas paggawa ng Pilipinas, sa mga paraang tunay na makapagpapaunlad ng mga pundasyon ng ekonomya ng ating bayan. *K*



**Philippine Solidarity for the Bolivarian Struggle**

# Mensahe
## ng Pakikiisa at Suporta sa Pakikibakang Bolivariano

Ang aming marubdob na mapagkasamang pagbati sa Gubyernong Bolivariano ng Venezuela, sa PSUV at sa mamamayang Venezolano!

Sinasaluduhan namin ang gubyernong Bolivariano sa pagpupunyagi nitong pamunuan ang buong bayan para mapangibabawan ang mga pakana ng imperyalistang US at mga lokal na *elite* na baligtarin ang mga natamong tagumpay ng kilusang Bolivariano!

Batid naming ginagamit, mula sa umpisa, ng imperyalismong US at mga lokal na kasabwat ang iba't ibang paraan ng pananabotahe sa inyong mga pagsusumikap tungo sa pagtatayo ng isang bagong Venezuela. Sinasabotahe nila ang inyong mga hakbangin dahil ang mga ito ay paggigiit ng kasarinlan mula sa mga imperyalistang dikta at sa gayo'y nagpapahina sa nagpapatuloy na dominansya ng US sa Latin America at sa buong daigdig.

Malaki ang pinsala sa inyong ekonomya ng malakihang paglilingid at pagpupuslit ng mga batayang kalakal, kabilang ang langis at maging ang inyong salaping bolivar. Pinadali ng pagsasanay at pagdi-deploy ng mga dayuhang grupong paramilitar ang pananabotaheng pang-ekonomya at grabe ang inambag ng mga ito sa pagpairal ng *trafficking* at iba pang gawang walang-sinusunod-na-batas laluna sa hangganan ng Venezuela sa Colombia. Malaki ang nawalang pera at nasirang ari-arian ng bayan, liban pa ang nasayang na panahon ng mga taong niligaw para sumama, sa walang-katapusang mga kudeta.

Sumasaludo kami sa inyo dahil nilabanan ninyo ang mga pakanang pawang nakadisenyo para pahinain ang tiwala ng mamamayan at destabilisahin ang isang gubyerno at kilusang tumututol sa neoliberalismo at nagpupunyaging magtayo ng isang alternatibong sistema. Malaki na ang mga inyong nagawang nagpapakita ng kaibhan ng may gubyerno ng mamamayan sa isang pinaghaharian ng gubyerno ng *elite*. Maliwanag na patunay ang inyong pagsulong sa pagbibigay akses sa edukasyon para sa lahat, sa pagbibigay ng libreng serbisyong pangkalusugan sa mamamayan, at sa pagtatayo ng mahigit isang milyong bahay at libreng pamamahagi nito sa masa.

Naniniwala kaming karapat-dapat ang inyong gubyerno sa buong suporta ng mamamayan laluna ngayong kinakaharap ninyo ang mga problemang tulad ng sagad na mababang presyo ng langis na may motibong pulitikal, ng natural na kalamidad ng tagtuyot at ng panibagong pakanang ibagsak ang gubyerno.

Inspirasyon namin ang inyong pakikibaka at mga nagawa sa pagtatayo, kasama ang inyong mamamayan, ng isang lipunang maunlad, demokratiko at makatarungan habang nagpapatuloy kami sa sarili naming paglaban sa parehong imperyalistang interes tungo sa komun nating tinatanaw na kalayaan at pag-unlad ng ating mga mamamayan.

**Abril 19, 2016**

*(Ang mensahe ay galing sa koalisyon ng mga organisasyon at indibidwal na nakikiisa sa pakikibakang Bolivarian. Idinaos nuong Abril 19 ang Pandaigdiang Araw ng Pakikiisa sa Venezuela at ipinadala ang pahayag na ito sa gubyerno ng Venezuela sa orihinal na English. Patnugutan ng Kilusan ang nagsa-Pilipino nito.)*

## Sa Ika-5 Anibersaryo ng Paglusob sa Libya:

# Ginigera Muli

Ni Melissa Gracia Lanuza

Wala siyang plano kung ano ang gagawin sa Libya matapos pabagsakin ang gubyerno rito. Ito ang inamin ni Presidente Barack Obama sa maikling panayam sa kanya ng Fox News nitong Abril 10 sa tanong kung ano ang pinakamalaking kamaliang nagawa niya bilang presidente.

Pinasundan lang ni Obama ang sinabi niya nitong Marso na "walang kaayusan sa Libya" (Libya is a mess). Hindi niya pinagsisisihan ang paglusob sa Libya kundi ang hindi pagkaplano kung paano aayusin ang gulo upang mamaksimisa ang pakinabang sa gera.

Kaya nga, nakaambang muli ang paglusob ng US-NATO sa Libya. Idinadahilan ang pagpuksa sa Daesh (Islamic State o IS). Ang totoo, sa labu-labong nilikha ng kanilang interbensyon nuong 2011, nais ng malalaking kapangyarihang kanluranin na itatag ang isang kaayusan sa Libya, kaayusang titiyak ng kanilang pakinabang sa yaman at pagpapatibay sa hawak sa bayang estratehiko sa buong Africa.




*Credit:Patrick Chappatte.www.nytimes.com*







*Ang nalabi ngayon sa Benghazi, matapos ang ilang taon ng pambubomba ng U.S. at NATO (Reuters)*



*Dating Libyan leader Muammar Gaddafi (bbc. co.uk)*

*"Mula nuong umpisa ng aerial strikes ng koalisyon.., nagkaruon na ng 8,000 operasyon ng pambubomba at gumamit ng mahigit 30,000 bomba. Nangangahulugan ito ng halos 200 bomba kada araw (at) nakapatay (na) ng 60,000 sibilyan. "*

**"Humanitarian" ang paglusob**

Nilusob ng mga pwersang NATO ang Libya na pinamumunuan ni Muammar Gaddafi nuong Marso 19, 2011.

Bago ito, ganap nang nag-alsa ang mga grupong rebelde nuong Pebrero 17, 2011. Sa unang tingin, bahagi lang ito ng Arab Spring, inspirado ng hindi pa nagtatagal na pag-aalsa sa Tunisia at Egypt laban sa kahirapan at korupsyon sa gubyerno. Tulad sa Egypt, kasama sa mga rebelde ang Muslim Brotherhood.

Pero, armado ang mga rebelde sa Libya. Produkto ito ng ilang taon nang paghahanda ng US at mga alyado para maibagsak ang gubyerno ni Gaddafi (Nazemroaya). Itinayo, sa pangunguna ng mga Libyan na maliwanag na nagtrabaho sa ilalim ng CIA, ang National Transitional Council (NTC) para sa lahat ng lugar na sakop ng mga rebeldeng grupo nuon ding Pebrero 27. Liban sa National Front for the Salvation of Libya (NFSL), sangkot sa armadong pagrerebeldeng ito ang mga grupong Libyan Islamic Fighting Group (LIGF), Loyalty to Martyrs, at Muslim Brotherhood, mga grupong may koneksyon sa, o kinabibilangan ng mga taong kilalang bahagi ng al Qaeda in the Islamic Maghreb (AQIM).

Tinugon naman agad ng pwersa ni Gaddafi ang mga armadong rebelde. Nahadlangan nito ang pag-abante ng mga rebelde sa kanluran. Ginamitan ng *air strikes* ang mga rebelde sa Benghazi, ang sentro ng NTC. Ginamit din ang mga tangke ng army ng Jamahiriya.

Binatikos ng mga organisasyon ng UN ang pagtugis ng mga pwersa ni Gaddafi sa mga rebelde. Binalewala ang babala ni Gaddafi na itinatransporma ng mga teroristang Islamic ang Benghazi bilang kanilang balwarte. Paglabag diumano ang ginagawa ni Gaddafi sa karapatang pantao, ayon sa mismong ang *secretary general* na si Ban Ki Moon at itiniwalag ang Libya sa UN Human Rights Council (UNHRC), isang di-pangkaraniwang pangyayari.

Nanawagan sa UN ang mismong deputy Permanent Representative ng Libya sa UN Ibrahim Dabbashi nuong 21 Pebrero, 2011 na magpatupad ng "no-fly zone" sa buong Tripoli para maputol ang anumang suplay ng armas at mga mersenaryo sa rehimeng Gaddafi.

Itinulak ni President Nicolas Sarkozy ng France ang EU na magpasa ng mga parusa (sanctions) kay Gaddafi at ipag-utos na tigilan ang atake sa mga sibilyan. Agad naman itong tinugon ng UN Security Council (UNSC) Resolution 1970 at walang tumutol, 26 Pebrero 2011. Kasama rito ang pagkakaso ng lansakang paglabag sa mga karapatang tao sa International Criminal Court, pagpapatupad ng arms embargo (o pagbabawal na bumili o maglipat ng armas mula sa ibang bayan), pagbabawal na magbiyahe at pag-*freeze* ng *assets* ng pamilya at ilang ispesipikong opisyal ng gubyerno.

Pinasundan ito ng kahilingan sa UN ng iba't ibang estado (Britain, France, US) at sinuportahan ng Gulf Cooperation Council at Arab League ang pagpapatupad ng *no-fly zone*. Nagmungkahi ng resolusyon para rito ang embahador ng Lebanon sa UN na si Nawaf Salam.

Inaprubahan ng Senado ng US sa isang resolusyon ang posisyon para sa *no-fly zone*. Ginamit ng US ang bagong dahilang "Responsibility to Protect" o R2P bilang dahilan ng interbensyon. Hindi na pupwede ang ginamit nilang katwiran sa Iraq na paghahanap at pagsira sa *weapons of mass destruction*.

Internasyunal



*Sinusubok ng isang rebelde mula sa Misrata ang kanyang riple sa Bir Doufan check-point, nasa higit 70 km mula sa Bani Walid sa Libya (Reuters/Youssef Boudlal).*

*"Grabe ang pag-smuggle ng mga armas ng Libya patungo sa iba't ibang bayan ng Africa at Middle East. Kaya kaguluhan at kawalang-batas ang naghahari. Malaganap ang karahasan na umaabot pa sa mga kalapit bayan ng Libya."*

Pag-protekta, diumano sa mga sibilyang minamasaker ng asong ulol (mad dog) na si Gaddafi ang kanilang layunin. At kung gayon, isang *humanitarian* o makataong operasyon ang kanilang isasagawa.

Para sa US at mga alyado nito, maliwanag na interbensyong militar ang kahulugan ng pagpapatupad ng *no-fly zone*. Sabi nuon ni Defense secretary Robert Gates sa House hearing, "Nag-uumpisa ang isang no-fly zone sa pag-atake sa Libya para masira ang mga depensa nito sa mga atake mula sa himpapawid… at kasunod, pwede ka nang magpalipad ng mga eroplano sa buong bayan nang hindi nag-aalalang baka pabagsakin ang ating mga tauhan. Pero ganuon talaga iyan sa simula."

Nanawagan ang pinuno ng NTC, Marso 9, 2011 na si Mustafa Abdul Jalil na pabilisin ang aksyon ng international community dahil kung lilipas pa diumano ang tatlong araw, aabot na ang mga maka-Gaddafi sa Benghazi at "kalahating milyong mamamayan ang mapapatay." Kinilala kinaumagahan, Marso 10, ng France ang NTC bilang lehitimong gubyerno ng Libya, at hindi na ang gubyernong Jamahiriyang pinamumunuan ni Gaddafi.

Ipinasa ng UNSC ang Resolusyon 1973 na nag-aapruba ng *no-fly zone* sa botong 10 pabor, walang kumontra at limang *abstention*. Brazil, Russia, India, China at Germany ang nag-*abstain*. Nag-anunsyo agad ang Libya sa pamamagitan ng foreign minister, Moussa Koussa, wala pang 24 oras makalipas na bilang tugon sa resolusyon ng UNSC, ititigil na nila ang lahat ng mga operasyong militar.

Pero ilang panahon nang handa ang mga sasalakay sa Libya. Sinabi ng embahador sa NATO ng US na si Ivo Daalder, Marso 7, 2011, na nagpasya na ang NATO, ginawa na nilang 24 oras bawat araw ang mga misyong pagmamanman ng E-3



*Wala na ang mga serbisyong panlipunang naibibigay sa mamamayan lalo na ang libreng serbisyong pangkalusugan at edukasyon. Sangkatlo ng anim na milyong populasyon ng Libya ang mahirap at isang milyon ang nagugutom."*

*Ipinakilala ni Prime Minister-designate Fayez Sarraj ang kumposisyon ng Libyan Government of National Accord (GNA) na bibunuo ng 32 iba-ibang ministro, January 19, 2016 (Fadel Senna / Agence France-Presse).*

AWACS *aircraft*. Bago pa man ang Resolusyon 1973, pumosisyon na ang pwersang nabal ng US sa baybayin ng Libya, Marso 12, 2011 (liban pa sa may dati nang nakapwesto sa rehiyon kasama na ang USS Enterprise, isang *aircraft carrier*). Inawtorisa ng Governor General of Canada-in-Council sa payo ni Prime Minister Harper, ang pagdideploy ng Royal Canadian *frigate* na HMCS Charlottetown sa Mediterranean malapit sa baybayin ng Libya. Nag-usap na sina Sarkozy at US State Secretary Clinton sa Elysée Palace sa pagtutulak ng interbensyon sa Libya.

Walong bayang NATO: US, France, Great Britain, Canada, Italy, Denmark, Belgium, and Norway ang nagsagawa ng *airstrikes.* (Ganyunman, inurong ng Norway ang kanyang mga eroplano nuong Agosto 1.) Hindi man sumama ang Germany sa pambubomba, nag-ambag naman ito ng mga bomba.

Mula nuong umpisa ng aerial *strikes* ng koalisyon sa Libya, tinatayang nagkaruon ng 8,000 operasyon ng pambubomba at gumamit dito ng mahigit 30,000 bomba. Nangangahulugan ito ng halos 200 bomba kada araw sa loob ng anim na buwan na nakapatay ng halos 60,000 sibilyan (Mountain).

Pinasabog ng NATO maging ang isang *supply pipeline* ng Great Man Made River (GMMR), ang pinakamalaking *irrigation project* sa buong daigdig na ipinagawa ng gubyernong Gaddafi para magsuplay ng malinis na tubig sa mga tirahan at para maging agricultural ang malawak na disyerto. (Ahmed). Pinasabog maging ang pabrika ng mga konkretong tubo para sa proyektong ito.

Naging *aerial strike force* ng mgarebeldeng dominado ng mga terorista at kinukoordina ng mga tao ng US (CIA atbp.) ang mga pwersang NATO sa ngalan ng Operation Unified Protector na nagsakatuparan ng R2P ng US. At habang may *arms embargo* sa Libya, patuloy na dumaloy ang armas sa mga rebeldeng dominado ng al Qaeda, mula US at France, sa tulong nga UAE at Qatar (Franzblau).

**Naging "free for all" ang Libya**

Nahuli ng mga "rebelde" si Gaddafi sa kanyang bayang tinubuan (Sirte), October 2011. Pinuwit muna siya gamit ang punyal bago siya tuluyang pinatay. Matapos ito, masaya at pabirong sinabi ni Hillary Clinton sa isang panayam na, "We came, we saw, he died," saka bumungisngis

Umiral ang anarkiya matapos maibagsak ang





gubyernong Jamahiriya at opisyal na tinapos nuong Oktubre 31, 2011 ang interbensyon ng NATO. Umiral pa ang NTC hanggang Agosto 2014 at naihalal ang unang General National Congress (GNC) nuong 2012 pero hindi nakapagpatupad ang mga ito ng pagdidis-arma at pag-*deactivate* sa mga armadong rebeldeng lumaban sa Jamahiriya. Iba't ibang armadong grupo ang umiral: mga tribo, ang "green resistance forces" o mga armadong tapat diumano kay Gaddafi, ang itinatayong Libyan Armed Forces, mga gang na kriminal at ang pinakamarami, ang mga brigadang Islamista. Hindi ligtas sa kaguluhan kahit ang mga kinatawan ng US sa Libya. Bilang halimbawa, sinalakay ng mga teroristang Islamista ang isang lihim na *operations facility* (napagkamalang konsulado sa ibang balita) ng US sa Benghazi nuong Setyembre 11, 2012 at pinatay si US Ambassador Christopher Stevens at tatlo pang tauhang diplomata ng US.

Mula Agosto 2014 hanggang nitong Marso, mayruong dalawang magkaribal na gubyerno sa Libya. Pero kung tutuusin, walang tunay na nakapamamamahala.

Nahalal ang House of Representatives o Council of Deputies (na karamiha'y sekular) nuong Hunyo 20, 2014 at umupo sa pwesto nuong Agosto 4,



*US State Sec. Hillary Clinton (thelibertarian-republic .com)*

*"Humiling ang Pentagon ng karagdagang budget na $200 milyon para sa pagsasanay at pagsasandata sa mga pwersang panseguridad sa North at West Africa. Pasusundan ito ng pagdi-deploy ng "6,000 United Nations-led so-called peacekeeping forces" na pamumunuan (titular) ng Italy."*

2014. Kinwestyon ito ng mga Islamista. Sa isang sesyong napapalibutan ng mga milisyang Islamista, pinawalambisa Supreme Court ng Libya na nakabase sa Tripoli ang eleksyong naghalal nito. Pero umiiral pa rin ang kapulungang ito at siyang higit na may internasyunal na pagkilala. Nakabase ito sa Tobruk, na balwarte ng Operation Dignity ni General Khalifa Haftar, isang anti-Islamistang may ugnayan sa mahabang panahon sa CIA at nagproklama ng sarili bilang pinuno ng Libyan National Army.

Hinalal nuong Hulyo 7, 2014 at umupo sa kapangyarihan, Agosto 8, 2014, ang bagong GNC ng National Salvation Government of Libya. Sinasabi ng marami na *political arm* ito ng Libya Dawn Movement na dominado ng Muslim Brotherhood na kadikit ng LIFG na galling sa AQIM. Nakabase ito sa Tripoli. Nanakot ito nuong Nobyembre 2015 na pababahain nito ng mga refugees ang Europe kung hindi ito kikilalanin ng EU bilang hehitimong gubyerno ng Libya.

Naitayo na ang ikatlong gubyerno, ang Government of National Accord o GNA (Galustian), Disyembre 17, 2015. Ayon sa Libyan Political Agreement (LPA), dapat na mayruon itong Presidential Council, Cabinet, House of Representatives and State Council. Pinamumunuan ni Fayiz as-Sarraj, isang arkitekto, ang siyam kataong Presidential Council na bumase muna sa isang hotel sa Tunisia. Hindi ito halal ng taong bayan kundi ninomrahan ng United Nations at agad na kinilala.

Liban sa mga ito, may umiiral ding Misrata military council, iba't ibang nagsitayong *emirates,* mga gubyerno ng mga tribo sa Western Mountains at sa Fezzan, at ang mga loyalista ng Jamahiriya. May mga nagsasama-sama para labanan ang lahat ng iba pa.

Grabe ang pag-*smuggle* ng mga armas ng Libya patungo sa iba't ibang bayan ng Africa at Middle East. Kaya kaguluhan at kawalang-batas ang naghahari. Malaganap ang karahasan na umaabot pa sa mga kalapit bayan ng Libya. Kinikilala ng mga internasyunal na ahensya ang Libya na isang palyadong estado tulad ng Somalia.

Paputul-putol ang produksyon ng langis at gas ng Libya. Kung sa panahon ni Gaddafi umaabot sa 1.6 milyong bariles ang produksyon bawat araw, ngayon, nasa 350,000 bariles na lang ito isang araw kung may produksyon.

Ang dating pinakamaunlad na ekonomya sa Africa, ngayon marami nang utang. Wala na ang mga serbisyong panlipunang naibibigay sa mamamayan lalo na ang libreng serbisyong pangkalusugan at edukasyon. Sangkatlo ng anim na milyong populasyon ng Libya ang mahirap at isang milyon ang nagugutom. Samantala, sumusunod sa mga Islamistang terorista ang Central Bank ng Libya na nasa Tripoli, ayon sa mga balita, pinasusuweldo nito ang mga milisya ng Ansar al Sharia at AQIM.

**Ang ISIS at ang plano ng West na panibagong paglusob**

Hindi na lang al Qaeda ang nakapwesto sa Libya. Nasamantala ng IS (Daesh) ang kawalan ng

*"Nangyayari na ang armadong interbensyong ito kahit walang pahintulot ng UN at kahit hindi hinihiling ng "mga gubyerno" ng Libya. Ang pinaghahandaan ay malawakang interbensyong militar."*



*Dumating ang Special French Commando forces sa Benghazi, Libya, bahagi ng pwersa ng NATO, para magbigay ng suporta sa military operations sa syudad (beforeitsnews.com).*

gumaganang sentral na gubyerno at nakapagpalakas ito sa Derna, Sirte at Sabratha. Sa tantiya ng Pentagon, may 6,000 tauhang panlaban ito sa Libya

Lumabas sa mga balita nuong Nobyembre 2014 na hawak na ng Daesh ang Derna, malapit sa Egypt. Mula nuon, umabante na ito papalabas at hinawakan ang 150 milya ng tabing dagat ng Mediterranean. Umabante na ito papuntang timog at sinalakay ang mga yunit pamproduksyon sa Sirte Basin, ang pinakamalawak na kinaruruonan ng *oil fields* ng Libya. Nagkaruon ito na ng malaking impluwensya sa Benghazi, ang sentro ng paglaban kay Gaddafi nuong 2011. Nagsagawa na ito ng likidasyon ng mga kalaban.

Dumami na ang matutunog na teroristang aktibidad ng Daesh sa Libya nuong 2015. Nuong Disyembre 2015 inatake ng Daesh ang pangunahing *oil ports* ng Es Sider at Ras Lanuf sa silangan ng Sirte. Duon, sinilaban ang mga tangkeng imbakan ng langis.

Nambomba na ito ng mamahaling hotel sa Tripoli, Enero 2016. Naglabas ito ng *video* na nagpapakita ng pagpugot sa kinidnap nitong 21 Coptic Christians na taga Egypt, Pebrero. Nagsagawa ito ng *suicide bombing* sa bayan ng Qubbah, Pebreo 20. Apat katao ang namatay at 20 ang nasugatan nang inatake ng isang Daesh suicide bomber ang isang *security checkpoint* malapit sa syudad ng Misrata.

Nitong Marso, inatake ng Daesh ang Sarir, 200 milya sa timog ng Sirte at siyang natitirang pinakamalaking *oilfield* na may produksyon pa.

Sa "France's Undeclared War in Libya," binanggit ang nilabas sa Financial Times nuong katapusan ng Enero 2016 na ilang buwan nang nagpaplano ang US military ng operasyong militar sa Libya (Platov). Ilang beses na diumanong bumisita sa Libya ang mga ekspertong US para magkaruon ng kontak sa mga lokal na grupo at sa kanilang mga lider sa paghahanda sa isang kampanyang militar nito at ng mga alyadong France at Britain laban sa Daesh.

Nasa Libya na ang piling tropa ng Special Air Service (SAS, bahagi ng British Special Forces) para maghanda sa pagdating duon ng 1,000 tauhang infantry na lalaban sa Daesh. (Hughes) Sinabi pa ng balitang ito na sangkot sa operasyong ito ang humigit-kumulang 6,000 sundalo at marinong Amerikano at Europeo, sa pangunguna ng mga pwersang Italian at suportado ng Britain at France. Pipigilan nito ang pag-abante ng 5,000 Daesh na may kontrol na ngayon sa may isang dosenang mayor na *oilfields*.

Humiling ang Pentagon ng karagdagang *budget* na $200 milyon para sa pagsasanay at pagsasandata sa mga pwersang panseguridad sa North at West Africa. Pasusundan ito ng pagdi-deploy ng "6,000 United Nations-led so-called peacekeeping forces" na pamumunuan (titular) ng Italy (Azikiwe).

Ilang panahon nang aktibo sa Libya ang ilang dosenang Italian Special Forces at nakikipagtulungan sa military mula Britain, France at US. Nasa ilalim ng tuwirang kontrol ang mga pwersa ng Italy sa Libya ni Prime Minister Matteo Renzi. Nais ng *elite* ng Italy na gampanan ng kanilang militar ang mahalagang papel sa Libya nang maiwasang masaisantabi ang "Italian interests in Libya."

Sa mga inilabas ng media kahit nitong Marso na, sisimulan diumano sa maagang bahagi ng 2016 ang interbensyon sa Libya.

Pero, ang totoo, sinimulan na ito. Mas maaga pa nga ang pag-uumpisa ng France. Sa "French Special Forces Waging 'Secret War,'" (Platiau. Reuters), sinabing ayon sa isang article sa Le Monde, inawtorisa ni President Francois Hollande ang "unofficial military action" kapwa ng *elité* na yunit ng sandatahang lakas at ang *covert action service* ng DGSE (French**:** Direction générale de la sécurité extérieure) sa magulong bayan ng Libya. Sa parehong report ng Le Monde, binanggit na kalagitnaan pa ng Pebrero (2015) nag-umpisang makita ang French special forces sa silangang Libya.

Sa bahagi ng US, isang *air strike* ng mga pwersa nito sa Derna ang nakapatay ng isang lider ng Daesh sa Libya na may alyas na Abu Nabil, isang Iraqi. Binomba ng US ang ISIS sa Sabratha sa Libya, Pebrero 19, 2016. Minimum na 40 tao ang napatay, dalawa sa kanila ang mga diplomata ng Serbia na kinidnap ng mga operatiba ng Daesh at hawak nila nuon.

Nangyayari na ang armadong interbensyong ito kahit walang pahintulot ng UN at kahit hindi hinihiling ng "mga gubyerno" ng Libya. Ang pinaghahandaan ay malawakang interbensyong militar.

**Geopulitikal na mga layunin**

Dinadahilan ng mga imperyalistang kapangyarihang ito ang Daesh para sa kanilang armadong interbensyon sa Libya. Para lalong maging lehitimo ang panibagong malakihang interbensyong miitar, pinabilis na nga ang pagtatayo ng GNA para siyang pormal na humiling ng interbensyon ng UN *peace-keeping forces* o ng NATO. Sakay ng barko, bumalik na ang mga myembro nito sa Libya, Marso 30, para umaktong sentral na gubyerno ng pagkakaisa.

Tulad ng lampas sa pagpabagsak kay Gaddafi ang layunin ng kunwaring *humanitarian operations* nuong 2011, lampas din sa pagpuksa sa Daesh ang agenda ng US, France, UK at Italy sa muling pakikidigma sa Libya ngayon. Marami pa ang kayamanan ng Libya na nais dambungin ng mga kapitalista ng mga bayang ito.

Nangungunang yaman ng Libya ang langis. Pinakamalaking prodyuser ng langis ang Libya sa buong Africa. Mamahalin ang langis na ito dahil mabango at magaan at napakadaling ibenta sa labas ng bayan dahil sa *oil ports* nitong bumabaybay sa Mediterranean.

Liban sa langis, mayruon itong hindi bababa sa $100 bilyon salapi. Mayruon pang malaking halaga ng *natural gas* at mamiminang iba't ibang mahalagang mineral. Sinasabi ng iba na pagkakakitaan ng limpak na pera kahit ang tubig na nanggagaling sa Nubian Sandstone Aquifer System kung isasapribado ito at ibibenta sa mamamayan ang tubig.

Nais din nilang lubusin ang pakinabang sa estratehikong pwesto ng Libya para sa dominasyon sa Africa. May produksyon ng langis ang mahigit 24 bayan ng Africa at may napatunayang reserbang langis at *natural gas* ang malaking bilang ng mga bayan. Liban sa Russia, ito ang may pinakamalawak na hindi pa nahihigop na mga mapagkukunan ng enerhiya sa daigdig.

Nais ng mga malalaking kapangyarihang ito na makapagtayo ng mga base militar sa Libya para sa pagpapatibay ng kontrol sa yaman ng Africa at para kontrahin ang malaking pamumuhunan at impluwensya ng China.

Hindi na ito maikakaila lalo't lumabas na ang kontrobersyal na 3,000 pribadong *email* ni Hillary Clinton tungkol mga naging motibo ng interbensyon sa Libya nuong 2011.

Inilantad na ng iba't ibang manunulat na kasama sa in-email kay Clinton nuon ng kanyang malapit na pinagkakatiwalaan ang tungkol sa 143 toneladang ginto at katulad ding dami ng pilak na gagamitin sana ng gubyerno ni Gaddafi para sa pagkakaruon ng salapi para sa PanAfrica na pinagsisikapang nuong itayo. Pinagkainteresan ito, ayon sa email, ng gubyerno ni Sarkozy ng France at isang salik ito sa pagpapasyang magkomit ang France sa pag-atake sa Libya.

Inilantad din ng mga ibinukas nang email ang imperyalistang layunin ng France sa Libya. Kabilang dito ang pagkakaruon ng mas

*Lampas din sa pagpuksa sa Daesh ang agenda ng US, France, UK at Italy sa muling pakikidigma sa Libya ngayon. Marami pa ang kayamanan ng Libya na nais dambungin ng mga kapitalista ng mga bayang ito.*



*Sakay ng Spica Italian Navy, kasama ang crew na 60 katao, ang mahigit na 1,000 refugees sa international waters, 30 milya mula sa baybayin ng Libya (Photo: Eyevine april 2016)*




*www.answercoalition.org*

malaking bahagi ng produksyon ng langis ng Libya. May mga layuning pulitikal din tulad ng pagpapalakas ng impluwensya ng France sa hilagang Africa, makapaggiit muli ang militar ng France ng kapangyarihan sa daigdig at mabigo ang plano ni Gaddafi na tanggalin sa France ang dominanteng kapangyarihan nito sa Africa.

**Gera para kumpunihin ang winasak ng gera**

Dahil hindi umaalinsunod ang pamahalaang Gaddafi sa kagustuhan ng imperyalismong US at iba pang makapangyarihang bayan, isinagawa ng US-NATO ang interbensyong militar upang ibagsak ito, mas madaling pakinabangan ang yaman ng bayan at biguin ang planong magkaruon ng perang pantapat sa dolyar.

Dahil nagamit ng US ang mga terorista sa paglaban sa Russia at gubyernong kaliwa sa Afghanistan, patuloy na ginagamit ng US ang mga terorista sa pagpapahina at pagpapabagsak sa mga gubyernong hindi nito kaisa. Kahit na walang tigil na kaguluan at hirap para sa mamamayan ang dulot nito sa Afghanistan, instrumento pa rin ng US at Britain ang katulad na teroristang grupo sa agresyon at dominasyon. Kaya sa Libya, kinasabwat ang mga terorista sa pagpapabagsak sa gubyernong nagbigay kaayusan sa tribu-tribong Libya, nag-alis dito sa sistemang monarkiya at nagsusulong ng misyon para sa kaunlaran ng PanAfrica.

Pero, may sariling layunin at larga ang mga islamistang terorista. Hindi malubos ng mga imperyalista ang pakinabang sa kanilang gera ng pananalakay nang kaagaw nila sa negosyo ang mga terorista. Hindi makapagpairal ng kaayusan ang mga gubyernong kanilang itinayo. Hinahamon ang mismong pag-iral ng mga ito ng mga teroristang islamista na iba't iba man ang grupo, nag-uugnayan at nagtutulungan pa rin.

Inihahanda ang mas malaking interbensyong militar ng US, France, Britain at Italy. Hindi ito para ipagtanggol ang mamamayan laban sa pananalasa ng Daesh. Malamang kaysa hindi, magtatayo ang mga ito ng base militar sa Libya para maisulong at maproteksyunan ang interes ng mga imperyalista.K

Mga Pinaghalawan:
Nazemroaya, Mahdi Darius. "Libya Then and Now: An Overview of NATO's Handiwork." New Dawn Magazine Special Geopolitical Edition. Nov 22 2014. Web
Mountain, Thomas. "30,000 Bombs over Libya." Counterpunch. Sept 2, 1011. Web
Ahmed, Nafeez., "War Crime: NATO Deliberately Destroyed Libya's Water Infrastructure," The Ecologist. May 14, 2015). Web
Franzblau, Jesse. "Libya, a cautuionary tale." June 9, 2014. Web
Platov, Vladimir. "France's undeclared war in Libya." New Eastern Outlook. March 4, 2016. Web
Hughes, Chris. "SAS spearhead coalition offensive to halt Islamic State oil snatches in Libya." Mirror UK Jan 4, 2016. Web
Azikiwe, Abayomi. "US Bombs ISIS in Libya, US and Allies Support ISIS in Libya."The Real News. Feb 24, 2016. Web
Platiau, Charles. "French special forces waging 'secret war' in Libya: report."Reuters. Jan 20, 2016. Web
Galustian, Richard. "Libya - Tribes, Militia, Interests and Intervention" Moon of Alabama, March 29, 2016. Web



# Pagsubaybay sa Galaw ng US Military sa Asia-Pacific (Enero-Marso, 2016)

*Ni* Melissa Gracia Lanuza

Dalawa ang pinakamaingay na isyung pinagkaabalahan ng US sa Asia-Pacific: problema pa rin sa South China Sea, at ang probokasyon diumano ng Democratic People's Republic of Korea (DPRK) sa anyo ng *nuclear bomb testing* (Enero 6), at paglulunsad ng mga *long range, midrange* at *short range ballistic missiles* mula Pebrero- Marso, 2016. Itinataon ng DPRK ang pagtitesting kapag malapit na o nagsimula na ang Key Resolve at Foal Eagle exercises.

Kaugnay sa South China Sea (SCS), walang tigil ang palitan ng akusasyon ng China at US ng pagmimilitarisa sa karagatang ito. Ang batayan ng US ay ang pagtatayo ng China ng mga pasilidad na pangmilitar sa Woody Islands sa Paracels at ang pagkakaruon na mismo rito ng *missiles* at radar. Sabi naman ng China, ang US ang nagmimilitarisa sa SCS na idinadaos nitong *joint* at *bilateral military exercises* liban pa sa *freedom of navigation operations* (FONOPS) at pagtatayo ng mga base sa Pilipinas.

1. Sinabi ni Adm Harry Harris sa Presscon sa Center for Strategic and International Studies sa Washington, DC, Enero 27, marami pa silang gagawing FONOPS tulad ng ginawa ng USS Lassen sa Subi Reef. Isinagawa nga ang ikalawang FONOPS, Enero 30, gamit ang USS Curtis Wilbur.

   Ipinaliwanag ni Harris, Pebrero 15, bago ang US-ASEAN Summit, California ang halaga ng SCS at ASEAN, kabilang ang Pilipinas sa US: "Nasa puso ang Southeast Asia ng Asia Pacific region at sentrong haligi ito ng US rebalance sa Pacific." Nahaharap, sabi ni Harris, ang US sa mga hamon. "Nakikita namin ang mapaggiit na China at ang nagbabangong Russia. May isang libong milya ang tabing dagat ng Russia sa Asia-Pacific, kabilang ang mga estratehikong baseng nukleyar at pangsubmarino,"sabi niya. " May pagdami ng *weapons of mass destruction*, ang Korea, bagama't limang bayan sa Asia-Pacific ang may kakayahang nukleyar," sabi pa niya.
2. Nagpatunay si Adm. Harry Harris sa Konggreso ng US, Pebrero 23, kaugnay ng paghingi ng malaking budget , na mabilis na nagdala ang China ng jets, missiles, bombers at radars sa marami sa artipisyal na islang itinayo nuong nakaraang taon.
3. Nanawagan kay President Xi Jinping ang Washington, Pebrero 26 sa pamamagitan ni Dan Kritenbrink, *top advisor* ni President Obama, na isama na ang buong South China Sea sa kanyang pangakong hindi imi-militarize ang Spratly Islands.
4. Binalaan ni US Defense Sec. Ashton Carter ang China na may kaukulang "consequence" ang ginagawa nito sa mga isla, Marso 2. Nuong araw ding iyon, dumating sa South China Sea ang USS John C. Stennis, isang *aircraft carrier*. Nuong Pebrero 4 pa ito nasa saklaw ng West Pacific pero pinarekorida sa South China Sea sa loob ng isang lingo. Kasama ng USS John Stennis ang *cruiser* USS Mobile Bay at mga *destroyers* na USS Stockdale at USS Chung-Hoon.
5. Inanunsyo ng US at Pilipinas matapos ang Bilateral Security Dialogue, Marso 18, na napagkasunduan nilang ang sumusunod na mga base ng Pilipinas ang ipagagamit sa pwersang US: Antonio Bautista Air Base sa Palawan; Lumbia Air Base sa Cagayan de Oro sa southern Mindanao; Basa Air Base sa Floridablanca, Pampanga, Fort Magsaysay sa Nueva Ecija; at Benito Ebuen Air Base sa Mactan,Cebu.
6. Kasado ang Australia sa pagsabay sa plano ng US sa South China Sea. Nagsagawa na ito ng sariling operasyon sa himpapawid, Disyembre 2015. Sa Defense White Paper ng Australia nitong Pebrero, malinaw ang buu-buong pagtaguyod ng Australia sa "rebalance" ng US. Hindi pa tahasang sinasabi ng Japan na sasabayan nito ang US sa FONOPS pero bukas at nasa katayuan nang gawin ito dahil *operational* na ang batas sa "collective defense," Marso 29.

Naihinga ni Adm. Harry Harris na hirap silang makakuha ng kaalyadong handang sumama sa kanila sa *freedom of navigation operations* o FONOPS (Eric Slavin, "US depending on regional support in South China Sea" www.stripes Pebrero 24, 2016). Inanunsyo ng India nitong Marso 13 na tinanggihan nito ang imbitasyon ng US na sumama sa FONOPS sa South China Sea.

Inanunsyo ng US Army (lumabas sa www.stripes.com), March 18—na plano nito na magtayo ng imbakan ng kasangkapan *(equipment depots)* sa ilang bayan sa Asia. Sinabi ng Gen. Dennis Via, opisyal ng US Army, na ngayong taon, magtatayo ito ng walong equipment *activity sets* sa buong mundo. May pagkakaiba lamang, ayon kanya, dahil ang nasa Europe ay panggera, habang ang nasa Asia-Pacific ay pangunahing para sa *humanitarian and disaster relief operations*. Baka magtayo pa umano sila ng *combat support hospital* sa Cambodia.

Bilang tugon sa ginagawa ng DPRK, isinasagawa ng US ang pinakamalaki at pinakamadalas na exercises sa Korea nitong Pebrero at Marso at dinagdagan ang mapamuksang armas ng Pacific Command.

1. Nakapagdaos ng limang exercises (tatlo na bilateral at dalawang multilateral, kasama ang Key Resolve) mula Enero at idinaraos pa ang pinakamalaking *multilateral exercise* Foal Eagle, Marso 7-Abril 30. Nilalahukan ito ng 15,000 sundalong US at 290,000 sundalong Koreano. Nakalakip sa mga pagsasanay na ito ang "OPLAN 5015," na gumagamit ng *emergency preemptive attacks* sa mga pasilidad nukleyar at pang *missile* ng North Korea bilang estratehiya ng digma
2. Dineploy ng US ang tatlong B-2 Spirit *nuclear stealth bombers* bilang suporta sa US Pacific Command, ayon sa US Strategic Command, Marso 9; Liban pa, pinag-uusapan ng RoK at US ang pagdideploy ng US ng Terminal High Altitude Area Defense (THAAD) system sa US Forces-Korea.***K***

# *Binuwag ng mga Pulis*

Binubuwag ng Sta Cruz PNP ang isang bahagi ng barikada ng mamamayan laban sa mapaminsalang pagmimina, sa Bayto, Sta Cruz, Zambales, Pebrero 7, 2016, para makalusot ang mga trak ng minahan. Dalawang lider ng nagbabarikada ang inaresto at kinasuhan ng *illegal assembly.*

Ganito rin ang ginawa ng mga pulis sa Brgy Uacon, Canderlaria, Pebrero 29, at inaresto ang 11. Tumagal nang dalawang buwan ang barikada sa Bayto bago tuluyang nabuwag ng mga pulis.

Pinamunuan ang barikada ng DEFEND-Zambales at Concerned Citizens of Sta Cruz ***(mula sa ulat ni Bogs Broquil; larawan: benito e. molino fb account)).K***

